# Ang Obramaestra

Jeffersonville, Indiana, USA

Hulyo 5, 1964

1 Magsiyuko tayo ngayon para sa panalangin. Habang nakayuko ang ating mga ulo at puso sa harapan ng Diyos, iniisip ko kung ilan sa mga naririto ang may kahilingan na nais nilang alalahanin ng Diyos sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay? Iyan ay . . . ? . . . Ngayon, yakapin n'yo ang inyong kahilingan sa inyong puso habang nananalangin tayo

2 . 2 Panginoong Jesus, Ikaw ang Bukal, ang di nasasaid na Bukal ng Buhay, dumaloy Ka po sa amin sa araw na ito, Panginoon, at linisin Mo ang aming di pananampalataya at lahat ng aming kasalanan, upang makatayo kami sa Iyong Presensya ngayon, na nalalamang may pangangailangan sa aming kalagitnaan, na . . . Alam naming kami ay makasalanan at hindi karapat-dapat sa anumang pagpapala. Ngunit kapag naiisip namin Siya na dumating at umako ng aming mga kasalanan, at ang Dugo Niya ay naroroon, hindi na kami ang nasa Presensya ng Diyos, Siya na—ito'y tinig lang namin sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo; ang Dugo Niya'y nangungusap. Oh, Diyos, kung gayon ay linisan Mo po ang aming mga puso ng kasalanan at di pananampalataya. 3 Ipagkaloob Mo po sa amin ang mga pagnanasa ng aming puso, sapagkat tunay na hangad naming mapaglingkuran Ka. At sa nakapanghihinang kundisyon at mga karamdaman at mga bagay-bagay ng sanlibutan na magkaminsan ay napapasaamin upang kami ay mapasakdal . . . Nabanggit na sa amin, ang sinabi Niyang, "Huwag n'yong ipagtaka na dumarating ang mga pagsubok na ito." Gumagawa lamang ito sa ikabubuti namin at upang pasakdalin at dalhin kami sa dakong iyon. Ang matitinding karanasang ito sa disyerto, kung saan ang mga taong matuwid ay hinuhubog upang maging mga banal, ay pinagpapasalamat namin sa Iyo, Panginoon. Ayaw naming gumawa sa anumang paraan ng anumang bagay na salungat sa Iyong kalooban; ngunit dumadalangin kami, Ama, na sa mga ito ay mapalapit kami sa Iyo. 4 At kapag di na kami makasulong dahil napakabigat ng aming pasanin, itinataas namin ang aming mga kamay at nananawagan sa aming Ama. Kaya't duminig Ka po sa langit, Pagninoon. Pagalingin Mo kami. Paigihin Mo po kami para sa kapakanan ng Kaharian ng Diyos. 5 Pagpalain Mo po ang Iyong Salita ngayong umaga, Panginoon. Ang Salita Mo ang Katotohanan.

3 At nagkakatipon kami ngayon dito sa simbahan. Nananalangin kami para kina Brother Neville, Brother Capps, Brother Collins, at sa lahat ng iba pang ministro, at mga tagapangasiwa, mga diyakuno, at lahat ng mga mananampalataya, at sa lahat ng mga estranghero na nasa loob ng aming mga

pintuan. Maging isang araw nawa ito na matagal naming maaalala dahil sa Iyong Presensya. Narito kami na may dakilang pag-aasam ngayong umaga, Panginoon. Madalian kaming napasabihan, nagkatipon . . . Nadarama naming ito ay para sa isang layunin. Matupad nawa ang Iyong layunin, Panginoon. Sapagkat hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus, habang isinusuko namin ang aming mga sarili. Amen.

4 Lubhang kasiya-siya ang makaparito at magkasama-sama sa simbahang ito na puno ng mga tao. Hindi ko inaasahang may makapaparito ngayong umaga, sapagkat hindi ko rin akalain na mapaparito ako. 8 Kararating lang namin mula sa Philadelphia. Kaya't dumating akong nagiisip na kakailanganin kong magpunta sa Arizona sa lalong madaling panahon para sa isang funeral service ng isa kong kaibigan, si Captain Jim Mosley, isang pinakamamahal at makadiyos na lalaking inakay ko kay Cristo di pa katagalan, ang tatlong magkakapatid na Mosley . . . Bumagsak ang eroplanong sinasakyan ng isa sa kanila nung isang araw at kaagad siyang namatay, sampung oras siyang nakababad sa apoy bago nila naabot. Kaya't naiwan . . . Bente otso anyos siya, ang kaniyang maybahay ay bente sais, at nag-iwan siya ng tatlong mga anak, ang pinakamatanda'y pitong taon: napakalungkot. At isinulat ko na lang—o pinadala sa telegrama kung anong sasabihin ko, o kung ano sanang sasabihin ko sa libing ni Brother Mosley. At hindi natin maintindihan ang ilan sa mga bagay na ito, ngunit gayunpaman ay ginagawa Niyang sa ikabubuti ang bawat bagay.

5 Naririto tayo ngayong umaga bilang paglilingkod sa Panginoon, alam nating sumasampalataya tayo sa Diyos, naniniwala tayong gagawin Niyang sa ganap na ikaaayos ang bawat bagay. Maging anuman ito at anuman ang kalabasan, alam nating gagawa't gagawa ito para sa ikabubuti. Ipinangako Niya iyon. Sadyang kailangang magkagayon. Minsan ay di natin maintindihan, may mga pagkakataong nagiging napakakumplikado nito, gayunpaman alam nating ito ang katotohanan, sapagkat sinasabi ng Bibliang ito nga ang katotohanan. At ang Biblia para sa atin ay ang Diyos sa anyong sulat. 10 Ngayon, kailangan nating isalig ang pananamapalataya natin kung saan. At kung may sinuman sa ating nagsikap na maging matagumpay sa buhay at maging multimillionaire . . . Ngunit ano'ng gagawin natin do'n? Darating at darating tayo sa dulo ng landasin at ano'ng pakinabang niyon sa atin pag nagkagayon? Kita n'yo? At ang pera ay isang pananalapi; isa itong pambili; ngunit hindi mo ito maaaring ipambili ng Buhay. Tanging Diyos lang ang may Buhay.

6 Kaya't napagtatanto nating tayo'y nasa isang negatibong anyo. At habang may negatibo, tiyak na mayroong positibo. Hindi maaaring magkaroon ng negatibo nang walang positibo (Kita n'yo?), sapagkat ang positibo ang lumilikha ng negatibo. Tulad ng kung mayroon kang isang negatibong litrato ng isang bagay. Tiyak na mayroong isang bagay na tumama—tinamaan ng liwanag ang lente kung hindi'y hindi magkakaroon ng anumang negatibo. Kaya't kung nakikita nating nasa negatibo ang buhay natin dito at

dahil alam nating tayo'y nasa larawan ng isang buhay na nasa kung saang lugar, kung gayo'y alam nating may isang positibong tinamaan ng liwanag, na nagpaaninag ng isang bagay dito sa ibabaw ng lupa. At tayo lamang ang repleksyong iyon. Ang tunay na bagay ay nasa kung sang dako. Kung hindi ganito, ako ang pinakanadayang taong sa mundo; ginugol ko ang buhay ko sa walang kabuluhan. Subalit alam ko, walang kaduda-duda, na ito'y naroroon. Kaya tayo naririto.

7 Kapag nakikita kong tumatawid kayo ng bayan sa maiksing pasabi, at minsan ay nagbabakasakali, kung gayon ay labis akong nanliliit kapag dumarating ako sa isang pagtitipong tulad nito, dahil alam kong may mga tao ditong naglakbay ng daan-daang milya makaparito lang para sa ilang minutong gawain, makaupo lang dito. 13 Kasasabi lang ng isang babae, dumating siya nung isang araw at ika, "Ipakita n'yo sa akin ang nilakaran ng lalaking iyon, at hayaan n'yong sundan ko siya sa daan," aniya, "Ako'y gagaling." Ngayon, ganiyan ang paniniwala ng mga tao sa iyo, at ikaw ay kinatawan ni Cristo, kaya't anong dapat nating gawin? Dapat tayong mag-ingat nang husto, sapagkat hindi mo lang sinisira ang iyong sarili sa kamalian, sinisira mo rin ang ibang sumusunod sa iyo. 14 Kaya't wala akong alam na denominasyon o iba pang mapagdadalhan sa inyo. Isang bagay lang ang sinasampalatayanan ko (kung paniniwalaan n'yo ako, sundin n'yo ang sinasabi ko sa inyo, sapagkat sumasampalataya ako sa Biblia), iyon ay ang Salita ng Diyos. Ang iba pang mga bagay ay mabibigo. Ako'y . . . Siya ay Buhay. Siya ang Salita.

8 Ngayon, alam kong kayo'y . . . Kapag dumarating ako rito pinagtatagal ko kayo. Dumalangin ako sa Diyos nang madama kong parang nais kong pumarito sa araw na ito . . . Napakarami kong kinapanayam, at mga tawag, at iba pa; kinailangan kong katagpuin ang ilan sa kanila kaninang umaga. At ang sabi ko, "Walang dudang hihilingan ako ni Brother Neville na magsalita." Nung Biyernes iyon. At ang sabi ko, "Marahil ay hihilingan ako ni Brother Neville na magsalita. At kapag nagsalita ako, dinadalangin ko, Diyos . . . Napakainit, naging napakaalinsangan nitong mga nakaraang araw. At naging mabuti Siya sa pagpapadala sa atin ng ulan upang putulin ang matinding init at

binigyan tayo ng isang magandang umaga ngayong umaga. Idinadalangin kong lagpakan ang bawat isa sa inyo ng Kaniyang kabutihan nang sa gayon ay palagi n'yong maalala ang pagparito n'yo ngayong umaga. Mapasainyo nawa ang Kaniyang biyaya at mga pagpapala.

9 Kagabi ay binisita ko ang isang kaibigang maysakit, si Brother Bill Dauch. Hindi ko siya nakikita rito ngayong umaga. Sa kung papaano man ako'y . . . Oh, naririto siya. Siya nga. At nag-iisip ako, "Isang matandang lalaking nobenta'y uno anyos pagkatapos ay rumaragasa pa rin patawid ng bansa, dumadaan sa mga disyerto, at sa mga mayelong bundok, at madudulas na daan. Hindi niya kailangang gawin iyon. Maaaring umupo na lang siya sa bahay at magkaroon ng mga lingcod na magpapaypay sa kaniya kung gusto niya." Ngunit may nagnyari kay Bill Dauch. Isinilang siyang muli. At nang mangyari 'yon, may kung anong pumasok sa kaniyang puso, na ang buong dahilan ng pamumuhay niya ay ang dumalo ng mga gawaing ito. At kung gayon, kung ako ang magiging tagapagsalita ng Diyos, dadayain ko ba ang isang kaibigan? Mas mabuti pang mamatay na lang ako. Kaya't hayaan n'yong sabihin ko sa kaniya kung ano talaga ang Katotohanan mula sa Biblia. At iyon ay Salita ng Diyos. Inuulit ko lang kung anong sinabi Niya. Ngayon, nais kong bumasa nang kaunti mula sa Biblia.

10 At bago tayo bumasa, nais kong sabihing mamayang gabi sa paniwala ko ay gabi ng Komunyon. At kayong mga tagarito (anupa't ang iba marahil ay magsisiuwian, 'pagkat kailangan nilang pumasok sa trabaho)—kayong mga tagarito sa kalipunang ito, alalahanin n'yo, magbibigay ng Komunyon ang mga kapatid na kalalakihan mamayang gabi.

11 Ngayon, naghihintay ako ng isang huling tawag mula sa Africa. Ayaw nila akong papasukin bilang isang misyonero. Kaya't ang tanging paraan upang makapasok ako, sa . . . Magpupunta ako sa Kenya, Uganda, at Tanganyika. At ang tanging paraan para makapasok ako . . . Una, ayaw kang papasukin ng mga simbahan, 'pagkat nais nilang mangaral ako sa panig ng ganito at ganiyan sa Africa. At ayaw kong pumasok nang gano'n. Hindi ako magpapakaipokrito upang gawin iyon. Kaya't sasabihin ko na lang sa kanila, "Hindi po, ipapangaral ko lang kung anong ilagay ng Diyos sa aking puso, iyon lang." Kita n'yo? At tiyak akong hindi ito ang pinipilit nilang ituro ko. Ang bautismo sa tatlong titulo, at iba pang tulad niyan, at pakikipagtalo sa kanila. Hindi.

12 Ngunit naanyayahan ako sa isang malaking kumbensyon ni Brother Boze. Malapit na niyang makita ang kaunting liwanag ng ating sinasampalatayanan. Kung kaya't ako'y hinilingang pumasok na para bang ako'y mangangaso. Kung papapasukin nila ako, na tila ako ay mangangaso . . . Kung magagawa

kong mapagsabi ang sinuman na sasamahan nila akong mangaso kung magkagayon ay pagpasok ko (and duktor ng embahada ro'n ay isang personal kong kaibigan mula sa Chicago)—at pagpasok na pagpasok ko ro'n, sasabihin niya, "Buweno, narito si Brother Branham. Magdaos tayo ng isang pagtitipon." Pag nakarating na ako ro'n hindi na ako matatanggihan ng embahada. Kung kanilang . . . Kaya't sinisikap na nilang maisaayos iyon. At umaasa akong . . . Kung ito'y kalooban ng Diyos maaayos iyon nang gano'n. Kita n'yo? Ito'y sadyang nakalagak na sa Kaniya. Kung hindi, ay ipaaalam ko sa inyo. Nais kong . . .

13 Kung kalooban na ng Diyos sa panahong iyon, nais kong mangusap tungkol sa Pitong Trumpeta. At magiging mga walong araw na gawain iyon. At hindi natin iyon idadaos dito sa Tabernakulo; marahil ay susubukan nating makakuha dito ng isang auditorium. 21 Ngayon, hindi ko naisip ang bagong auditorium na ito na itinatayo pa lamang dito. Doon ko mismo nakita si Jesus sa unang pagkakataon sa pangitain (Ngayon, doon mismo sa lugar na iyon itinayo ang auditorium. Nagpunta ako ro'n nung isang araw upang ito'y tignan.), nang makita ko Siyang nakatingin sa direksyon ng silangan (Naaalala n'yo nung ikuwento ko iyon?), nang ako'y nananalangin sa labas para sa aking ama, bata pa ako noon, bata pang mangangaral. Doon ko Siya nakita, nakaupo ako't nakatingin sa Kaniya. Nakatagilid ang mukha Niya sa akin. Lumakad ako ng paikot, nanunuyo ang aking lalamunan, sa tambuang iyon. Patuloy akong nagmasid, hindi Siya lumilingon. Tinawag ko ang Kaniyang Pangalan, "Jesus," at lumingon Siya, iniunat ang kaniyan mga kamay. At iyon lang ang naalala ko hanggang magliwanag na. Kaya't mag-uumaga na nang makaalis ako roon. Kaya't marahil ay tutulutan ng Panginoong ipangaral ko roon ang mga Trumpeta. Kahit saan, ang kalooban ng Diyos ang masunod.

14 Buklatin n'yo na inyong mga Biblia sa ika-5 kabanata ng Isaias. Ngayon, nagtitiwala tayong papagpalain ng Diyos ang pagsusumikap na magkasamasama ngayong umaga. Kagagaling lang naming sa Philadelphia, kung saan ay dumalo ako sa kumbensyon ng Full Gospel Business Men. Pinakinggan ko ro'n ang sari-sari nilang patotoo at iba pa . . . 23 At habang nasa daan kami papunta rito ako'y . . . Si Billy Paul, ako, at si Rebekah, pati na ang mga anak na babae ni Brother Collins, si Betty Collins . . . Masarap matulog si Billy, at lalo na si Becky. Kaya't kamind dalawa ni Betty ay nag-usap. Kasama siyang nakaupo ni Becky sa likuran. At may nakita akong nangyari sa daan. At nang magkagayon, may pumukaw sa akin. At napasin ni Becky (kung naririto siya) na tumigil ako sa pagsasalita at nagsimula akong magsulat. Doon ko nakuha ang teksto para sa umangang ito.

15 Ngayon, magsitayo tayo kung ating . . . Ngayon, nakatayo tayo bilang paggalang sa Salita ng Diyos, habang binabasa ko ang ika-53 na kabanata ng Isaias: Sinong naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? (Pansinin, katanungan na ito sa pasimula pa lamang.) Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man;at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya. Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mga mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.

Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati.

Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.

Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat.

Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig. Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanlia ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buahy? Dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.

At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig.

Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinkahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay.

Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan. Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang.

16 Amang Diyos, ang Salita Mo ay isang Ilawan, ang Ilaw na nagliliwanag sa landas ng bawat mananampalataya patungo sa Presensya ng Diyos, habang hinahatid kami nito tulad sa isang lampara sa aming kamay. Nagkaloob ka ng sapat upang makita naming ang dulo mula sa pasimula, at lumalakad ako

sa pananampalataya. Ngunit kung papaanong tumatahak sa kagubatan ang isang tao sa gabi (At iyon ang kinaroroonan namin.), ang ilaw na hawak niya ay nagbibigay lamang ng liwanag sa bawat paghakbang. Ngunit bagama't paahon ang landas, sinasabayan lang namin ang liwanag. At magliwanag nawa ang Ilaw sa araw na ito sa Salita upang akayin kami ng isa pang hakbang sa Kaharian ng Diyos. Sapagkat hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Magsiupo na kayo.)

17 Ang paksang nadarama kong ipangusap sa araw na ito ay "Ang Obramaestra." Marahil ay tila di karaniwang kumuha ng ganitong pagbasa ng Kasulatan tungkol sa isa sa pinaka matinding larawan ng pagbugbog at pagpaslang sa Biblia, kung saan ay sinasabi ng Bibliang ang sakdal na Lingkod na ito ay sinaktan, at binugbog, at labis na sinugatan, pagkatapos ay kumuha diyan ng isang teksto tulad ng Obramaestra: napakakakatuwa. 27 Ngunit nag-iisip ako ngayong umaga habang nagbabalik-tanaw tayo (iyon ang ginagawa ko) sa ilang taong nagdaan. Naanyayahan ako sa Forest Lawn sa California, doon sa Los Angeles. Ang unang layunin ng pagpunta ko ro'n ay ang bumisita sa libingan ni Aimee Semple McPherson, ang nagtatag ng Foursquare movement. At nagpunta ako sa puntod niya. Bagama't di ako sumasang-ayon sa kaniya bilang isang ministrong babae, gayunman sa puso ko ay hinahangaan at nirerespeto ko kung anong pinanindigan niya sa panahong iyon at sa pag-uusig at mga bagay-bagay na kinailangan niyang daanan nung narito siya sa lupa. At, para sa kaniyang mahal na anak na lalaki, na isang matalik kong kaibigan, si Rolf McPherson . . .

18 Isang grupo kami ng mga ministrong tumungo roon. At hindi na sila nagkaroon ng oras upang pumunta sa lugar na pinagsusunugan ng bangkay at inilalagay nila ng mga katawan sa isang maliit na kahon sa tabi ng dingding.

At doon ay mayroon silang ilang mga natatanging bagay tulad ng Huling Hapunan. At iniilawan ito ng aktuwal na liwanag ng araw. At mayroon silang pangsara na nagbibigay sa kanila ng . . . Pagpasok nila, maliwanag; at pag nagsimula na silang magsalita dumidilim. Pagkatapos ng ilang sandali nagdidilim na nang husto. At pag nagkagayon maglalabasan na ang mga tao. 30 At nasa kanila lahat ng Hapunan . . .

19 At ang babaeng may hawak ng lihim kung papaanong pinupukpok ang salamin patungo sa puwesto nito, aba'y, siya ang gumagawa ng mga larawan, at nanggaling ito maraming taon na ang nakalipas sa isang kapamilya. At ang sining ay ipinasa lang sa mga anak, at ang kahuli-hulihan ay isang babae. At inayos nila ang larawang ito. At nang hulmahin at sunugin ang salamin, at lutuin ang kay Judas Iscariote, nabasag ito. Kaya't sinubukan nilang muli. At nabasag itong muli. At ang sabi niya, "Marahil ayaw ng ating Panginoong naimatibi ang larawan ng Kanyang kaaway sa Kaniya." Sabi pa niya, "Kapag nabasag itong muli, hindi natin tatapusin ang larawan." Ngunit kumapit na ito sa pagkakataong iyon. At . . . Anupa't kapuna-puna iyon, kung papaanong nangyayari ang gayong mga bagay.

20 Ngunit isa sa mga pangunahing bagay na pumukaw sa interes ko sa Forest Lawn ay ang gawa ni Michaelangelo, ang dakilang iskultor, ang—ang monumento ni Moises. Gaya na lang ang naroroon, siyempre. Hindi iyon orihinal. Ngunit isa iyong napakagandang obramaestra. At habang nakatayo ako't nakatingin doon, nagustuhan ko iyon, may kahawig iyon—ikinakatawan niyon, may kung ano roon. 32 Gustung-gusto ko ang sining. Naniniwala kong ang Diyos ay nasa sining. Naniniwala akong ang Diyos ay nasa musika. Naniniwala akong ang Diyos ay nasa kalikasan. Siya'y . . . Ang Diyos ay nasa lahat ng dako. At anumang di ayon sa orihinal ay isang kabaluktutan. Ang Diyos ay nasa pagsayaw, hindi sa klase ng sayaw na ginagawa n'yo rito, kundi kapag ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos ay nasa Espiritu ng Diyos (Kita n'yo?), iyon ay pagsayaw. Ngunit ang katulad ng tiniis ko hanggang alas dos ng madaling araw doon sa eskinita, ay isang pambabaluktot nito.

21 Ngunit ang obramaestrang ito na ginawa ni Michaelangelo ay pinagkagastusan niya. Yaong . . . Isa siyang dakilang lalaki. At pinaggugulan niya ito ng malaking bahagi ng kaniyang buhay, sapagkat inabot siya ng maraming taon sa pag-ukit nito . . . Kumuha lang siya ng isang batong marmol at inukit niya nang inukit. At ang makitang . . . Tanging ang tao lamang, ang iskultor lang mismo ang nagtataglay sa kaniyang kaisipan kung anong sinisikap niyang gawin; siya iyon. Maaari mo siyang lapitan at sabihan, "Bakit mo tinitiktik ang batong iyan?" Sa nasa labas na walang alam kung

anong nasa puso niya, oh, wala itong saysay. Ngunit sa lalaking iyon, sa iskultor mismo, may pangitain siya sa kaniyang kaisipan, kung anong sinisikap niyang gawin, at sinisikap niyang kopyahin kung anong nasa isip niya sa anyo ng isang monumento. At iyan ang dahilan kaya't inuukit niya iyon sa mga bato.

22 At upang magawa ito, kailangan mong magumpisa nang tama sa pasimula pa lamang, at kailangan mong sundan ang pardon. Kita n'yo? Hindi maaaring kumuha ka ng maliit na piraso sa pasimula bilang pagsisimula: "Ganito ang gagawin namin dito. Hindi, naniniwala akong . . ." Hindi, kinakailangan niyang magkaroon ng eksaktong pardon. At nasa pag-iisip niya ang padron. Hindi siya maaaring lumihis sa padrong iyon. Ngayon, upang magawa niya ito, kinakailangan niyang gumuhit sa kaniyang pag-iisip. Dahil wala tayong tunay na larawan ni Moises, kinakailangang niyan makakuha ng larawan sa kaniyang pag-iisip ng kung ano ba talaga si Moises.

23 Ngayon ang isang tunay na iskultor ay inspirado, tulad ng isang tunay na manunula o sinumang tunay na mang-aawit, musikero, o kahit anopaman. Lahat ng tunay ay kinakailangang dumating sa pamamagitan ng inspirasyon. Malamang ay nagkaroon si Michaelangelo ng inspirasyon ng kung ano ba talaga ang itsura ni Moises, at nasapo niya sa kaniyang pag-iisip kung ano si Moises noon. Kung kaya't sinimulan na niyang ukitin sa malaking pirasong marmol na ito ang ayon sa pardon, at ito'y tinabas, at kinikil, hanggang sa makuha niya ang tunay na larawan na nasa kaniyang pag-iisip.

24 At nang maayos na niyang mabuti, ang bawat kanto ay natanggal na, at bawat bahagi ay nakuskos na, at tamang-tama na ang mga mata, at gayon din ang buhok at balbas ay ganung-ganun na nga, tumayo siya sa malayo at ito'y tinignan. Naiisip ko napakaraming taon ng matinding pagpapagal, at kung papaanong kinailangan niyang panatilihin ang pangitain ng kung anong gagawin niya sa kaniyang kaisipan sa lahat ng sandali. At isipin n'yo na lang, nasa isip niya ang pangitaing iyon sa loob ng maraming taon, upang mapalabas niyang kamukhang-kamukha niyon—nasapo niya muna ang pangitain—at ganoon na lang niya pinagpagalan na makopya ang pangitaing iyon, nagtabas siya at nagputol . . . At nang maayos na niya itong mabuti, hanggang sa ganap na itong napaganda, tumayo siya at ito'y minasdan nang matapos niya nung umagang iyon, hawak-hawak ang martilyo. At ganoon na lamang ang pagkainspirado niya nang tignan niya itok, sapagkat ang pangitain na dating nasa kaniyang kaisipan ay nakatayo na sa kaniyang harapan sa katunayan. Kung anong nakita niya at ang kaisipan niya tungkol sa kung ano ba si Moises dati, ay naanyuan sa kaniyang harapan, kung anong tinaglay niya sa kaniyang puso sa loob ng maraming taon ng pagpapagal, at maraming oras ng

kalungkkutan, at hapis, at pamumuna at lahat na, ngunit nanatili siya sa pangitain hanggang sa ito ay matapos.

25 At nang matapos na ito, umatras siya sa kaniyang pagkakatao hawak ang martilyo (ang martilyo ng iskultor), at pinagmasdan niya ang monumento. At ang inspirasyon ng pangitaing nakita niya tungkol sa kung papaano ito dapat gawin, ay lubos na nagdulot ng kasiyahan sa kaniya, na kaniyang . . . Ganun na lamang ang pagkatama ng inspirasyon sa kaniya na siya ay nawala sa kaniyang sarili at hinampas ito sa tuhod at nagsabi, “Magsalita ka!” 38 Ngayo'y may uka sa dakilang imaheng iyon, sa may tuhod, sa kanang tuhod. Sa gawing itaas ng tuhod, mga anim na pulgada ang layo. Inilagay ko roon ang aking kamay, mga ganiyan kalalim.

26 Matapos niyang gugulin ang lahat ng panahong iyon, sa loob ng napakaraming taon upang ito'y magawa, at sa ilalim ng impluwensya ng pagkamalas na lubos nang naganap kung anong nakita niya sa kaniyang puso at sa kaniyang pangitain, at hinangad na makita. At nang matapos na ito, ganun na lang ang naging inspirasyon niya na inisip niyang ang obramaestra niya ay dapat ng sumagot sa kaniya. At himampas niya ito sa binti at siya't sumigaw, “Magsalita ka!” At ito ay lumikha ng uka dito. Ito'y nag-iwan ng uka sa imahe. 40 Sa akin, ang ukang iyon ang dahilan kaya ito naging obramaestra. Ngayon, marahil sa isipan ng may ibang pananaw, marahil ay isipin n'yong ito'y nakasira. Hindi, sa akin—ito ang dahilan kaya siya naging kung ano siya. Sapagkat matapos ang napakaraming taon ng maingat na paggawa, at pagpapagal, at inspirasyon, at iba pa sa paggawa nito, napatunayang hindi nawalan ng saysay ang kaniyang paghihirap; sakdal ito, kaya nga sumigaw siya, “Magsalita ka!” sapagkata nakita niya sa kaniyang harapan na nagawa niyang matupad ang pangitaing dati'y nasa kaniiyang isipan lamang; at kaya nga, sa ilalim ng inspirasyon nakagawa siya ng isang bagay na labas sa katuwiran, di karaniwan; hinampas niya ito at siya'y sumigaw, “Magsalita ka!” Kita n'yo, hindi niya sana iyon gagawin kung nag-isip siya. Ngunit hindi na siya nag-isip. Inspirasyon iyon ng pagkakita niyang ganap nang nasa harapan niya ang dating nasa isipan niya.

27 Ang mga pagpapagal niya, at kapaguran, at pagpupuyat, at pagkahiwalay sa mundo sa loob ng maraming araw . . . At marahil ay kakain siya ng sandwich, pagkatapos ay magkukuskos siya, at magbabalik, at magsasabing, “Hindi, sadyang hindi pa rin ganun. Ngayon, kailangan maging ganito,” at kinukuskos ito . . . At nang makita niyang sakdal na ito, namals niya iyon sa realidad. Ang negatibong nasa kaisipan niya ay naging katotohanan; ito'y

naging positibo; samakatuwid, lumukso ito papasok sa kaniya. At naging napakatotoo nito na kinailangan niyang sumigaw ng, “Magsalita ka!” 42 Sa akin isa itong repleksyon, isa itong papuri sa kaniyang gawa, na labis siya nitong nadulutan ng inspirasyon na nawala siya sa kaniyang sarili upang hampasin ito at magsabi, “Magsalita ka!”

28 Tumayo ako roon at tinignan ko ang monumento. Naisip ko ang mga oras na ginugol ng taong iyon upang ito ay magawa. At sinabi nila kung ilang taon iyon. Ngunit isa itong repleksyon sa kaniya, sapagkat ito ay ambag sa kaniyang dakilang sining, sa kaniyang dakilang paggawa. At nang sa wakas ay matupad niya ito, naging napaka kahanga-hanga.

29 Ngayon, ilipat natin ang pahina ni Michaelangelo at isara natin ang aklat. At magbukas tayo ng ibang Aklat at bumasa tayon tungkol sa Dakilang Iskultor, ang Makapangyarihan sa lahat, na bago pa magkaroon ng daigdig at bago pa mailatag ang mga patibayan nito, nasa isipan na Niya kung anong nais

Niya. At ninais Niyang likhain ang tao sa Kaniyang sariling larawan. Ninais Niyang lumikha ng isang bagay sa realidad ng kung anong pangitain Niya, kung anong iniisip Niya.

30 Ngayon, kay Michaelangelo iyon ay isang katangian ng kaniyang kaisipan. At ninais ng Diyos na lumikha ng isang tao sa Kaniyang larawan, (and Dakilang Islultor), at siya ay trinabaho Niya. At mapapansin nating habang pinalilitaw niya ang mga materials, ang una marahil ay ang mga isda, pagkatapos ay ang mga ibon, at ang mga gumagapang na bagay sa ibabaw ng lupa, at marami pang mga bagay na Kaniyang pinalitaw. Ngunit sa kahulihulihan sa Kaniyang paglilimlim, bilang isang Manlilikha, Kaniyang . . . Hindi siya tulad ng tao ha, ng isang iskultor na kakailanganing kumuha ng isang bagay na nalikha na upang makaukit ng isang larawan. Siya ang Iskultor ng mga walang hanggang bagay. Isa Siyang Islultor na nakalilikha at nakapagpapalitaw ng kung anong iniisip Niyang gawin; o kaya'y kaya Niyang gawing materyal anumang hangarin ng Kaniyang mga katangian.

31 At nang simulan na Niyang trabahuin ang mga mumunting gumagapang na bagay, tulad ng maliliit na mga hayop na nasa ibabaw ng lupa . . . At sinimulan Niyang iangat mula roon tungo sa mas mataas. At sa kahulihulihan dinala niya ito sa mas malalaking hayop tulad ng leon, tigre, oso. At dinala Niya ito sa buhay ng mga unggoy, at bakulaw, at iba pa. Ngayon, hindi ito ebolusyon, tulad ng iniisip nating ang isa ay nanggaling sa kung anong . . . Isa iyong ganap na paglikha, gumagawa ang Diyos ayon sa isang padron. 47 Ngunit sa kahulihulihan ay may sakdal na lumitaw sa ibabaw ng lupa, at iyon ay ang tao. At nakita Niya sa lalaking iyon, na ito'y kamukha Niya.

Kaya nga, nang tignan Niya siya, isa siyang repleksyon ng kung ano ang kanyang Manlilikha. Nagawa na ng Diyos ang Kaniyang hinangad: isang lalaki na nasa Kaniyang sariling larawan.

32 At maaari kong sabihin dito: na nang likhain Niya ang lalaking ito mayroon pang kung ano sa kaniya na mukhang hindi tama, dahil sa siya ay nag-iisa. At nagkaganiyan din ang Diyos—nag-isa Siya. Siya ang Walang Hanggan. At ngayon ang lalaking nasa larawan ng Diyos ay nabuhay ring mag-isa sa ibabaw ng lupa. Kaya't malamang ay bahagya Niya siyang sinuntok sa bandang kaliwang tagiliran, at mula roon kinuha Niya ang bahaging nanggaling roon upang gawing katuwang niya, isang asawang babae. Nang magkagayon ay hindi na siya nag-iisa; mayroon na siyang kasama. At iyon ay dakila Niyang gawa.

33 At Siya, tulad ng sinumang dakilang iskultor, na kukunin ang kaniyang obramaestra . . . Ngayon, una, mayroon na Siyang obramaestra. Ngunit ngayon, nakita Niyang malungkot ang obramaestra tulad Niya, kaya't hinati Niya ang obramaestra sa pamamagitan ng paghampas sa tagiliran nito upang palabasin ang isang katuwang. 50 At ngayon, upang gawing isa ang dalawa, inilagay Niya sila, tulad ng sinumang dakilang iskultor, sa isang magandang lugar. Hindi gagawa ang isang iskultor ng isang dakilang obramaestra at pagkatapos ay ilalagay ito sa isang eskinita o itatago sa likod ng mga gusali. Tulad ng sinabi ng Panginoon sa atin, “Hindi nagsisindi ng kandila ang isang tao at inilalagay sa ilalim ng isang takalan.” Kapag naging mga obramaestra tayo ng Diyos, hindi tayo nakatago sa kung saang eskinita; dapat tayong magbigay ng liwanag.

34 Kaya't makikita nating matapos Niyang gawin ang obramaestrang ito, ipinuwesto Niya sa ibabaw ng lupa at inilagay sa pinakamagandang lugar, sa halamanan ng Eden. Inilagay Niya ang Kaniyang obramaestra (and dalawang iisa) sa halamanan ng Eden. Malamang na nalugod Siya nang husto, na nakita Niyang maayos ang obramaestrang ito. Pagkatapos no'n nakita nating nagpahinga Siya; labis Siyang nalugod sa Kaniyang gawa.

35 Ngayon ay alalahanin n'yo, na sa palagay ko, ang obramaestra ay ang hampas na puminsala sa obramaestrang monumento ni Moises na gawa ni San Angelo. At ang hampas na sumugat sa tagiliran ng Kaniyang obramaestra ang nagpalabas sa nobya. At ngayon, nakikita natin sila bilang isang obramaestrang mag-anak sa halamanan ng Eden. Napakaganda. At lubos Niya itong ikinalugod, na Siya ay nagpahinga; ang sabi Niya, “Magpapahinga ako.”

Ngunit habang Siya ay nagpapahinga at nagtitiwala sa Kaniyang obramaestra, dumating ang Kaniyang kaaway at nasumpungan and dakilang obramaestrang ito; at sa pamamagitan ng pandaraya ay gumapang siya sa ilalim ng pader ng halamanan, at sinira niya ang magandang obramaestrang ito. Sinira niya ito na ito ay bumaksak.

36 Ngayon, sinisikap kong matiyagan ang orasang iyon. At hiniling ko kay Mike, na pamangkin ko, na patunugin ang kalembang sa loob ng trenta minutos, ngunit hind niya ginagawa, at nakatrenta minutos na ako, ngunit ito'y . . . Magpapatuloy tayo nang kaunti pa. Kita n'yo? Ngayon, ayaw kong baliin ang mga patakarang ito; ako ang gumawa ng mga patakarang ito. Kita n'yo? At heto ako't sinusuway ang sariling patakaran.

37 Ngayon, pansinin n'yo. At ang obramaestrang ito, nang mahawakan ni Satanas (ang mandaraya)—nakalusot siya sa pader, at sinira ang obramaestrang ito. Sapagkat ang paraan ng pagkakagawa niya . . . Papaano niya iyon ginawa? Tutungo ako sa higit pang detalye nito, kung papaano niya iyonginawa, samantalang napapderan ang obramaestrang ito ng Salita, ng Salita ng Diyos. At ang obramaestra

mismo, ng pamilya, ay pinagtitibay ng Salitang ito; ngunit ang nahiwalay na bahaging natapiyas mula sa orihinal ay lumabas sa Pader na iyon at binigyan si Satanas ng pagkakataong sirain ito. (At ngayon, dahil sa alam n'yo na ang paniniwala ko sa mga bagay na iyon, hindi ko na kailangang sabihin.) Ngunit ang nawasak ang obramaestra. 56 Ngunit ang Dakilang Iskultor, nang makita Niya nalugmok ang Kaniyang pamilya, ang obramaestra, hindi Niya nais na iyon ay pabayaan nakasubsuob at wasak; kumilos siya kaagad upang itayo itong muli. Hindi Niya nais na ito ay mapahamak, malugmok nang gayon sa buong panahon, sapagkat Siya'y Diyos at hindi magagapi. Kaya't kumilos Siya kaagad at nagsimuli muling magtayo patungo sa Kaniyang sariling larawan, ng isang tao.

38 Ngayon, makikita natin na ang pagbaha ay dumating at sinira ang lahat ng bagay, sapagkat ang mga tipang ginawa ay ginawa nang may kundisyon: "Kung hindi mo gagawin ang ganito o kung gagawin mo ang ganiyan . . ." Nakita ng Diyos, ang Dakilang Iskultor, na di kayang tumupad ng tao sa tipanan. Sadyang hindi niya kaya. Sadyang walang paraan. 58 Sa panayam kani-kanina lang kausap ko ang isang tao sa silid na ngayon ay naririto, na nagsabing, "Ngunit Brother Branham, napakarami kong taglay na mga bagay na alam kong mali." (Isa siyang makadiyos na babae.) Ang sabi ko, "Ngunit tignan mo sister, huwag mong tignan ang iyong sarili; ang mahalaga ay kung anong pagnanasa mo at kung anong sinisikap mong gawin. At kung talagang mahal mo ang Panginoon, sisikapin mong

paglinkuran Siya nang buong puso mo. At lahat ng mga kamalian mo ay nakatago sa Dugo ng Panginoong Jesus. (Kita n'yo, kita n'yo?) Gumawa Siya ng daan."

39 Kaya't nagsimula na Siya ngayon, na alisin ang tao sa Kaniyang mga tipan ng pagsasabing, "Kung gagawin mo, gagawin ko." At nagsimula Siya sa isang lalaking kung tawagin ay Abraham ng isang tipang walang kundisyon. Tuwing magpapasimula Siya ng isang obramaestra, kinukuha iyon ni Satana, dahil sa Salita. Ngunit nang magsimula Siya kay Abraham, ang sabi Niya, "Ginawa ko na." Ngayon, Siya'y . . . Ngayon, ito'y walang kundisyon, hindi, ano ba iyon, "Kung gagawin mo, gagawin ko," ngunit, "Ginawa ko na." Ngayon, ang Iskultor ay determinadong magkaroon ng obramaestra. 60 At mula kay Abraham ay dumating ang mga patriarka. At mga patriarka ay talagang . . . Ngayon, anong ginagawa ng Diyos? Tinatayo Niyang muli ang obramaestrang ito na nalugmog. Kaya't sa mga patriarka, ang unang nakita natin ay si Abraham.

40 Ngayon, masdan n'yo. Bawat obramaestra ay inilalagay sa isang pundasyon ng Iskultor. Ang monumento ni Moises na gawa ni Angelo ay nasa ibabaw ng apat na prisasong marmol. Mayroon itong pundasyon. Kaya't ang Diyos sa paghahanda ng obramaestrang ito, inilagay Niya ito sa pundasyon ng mga patriarka. At ang pundasyon ng patriarka ay una si Abraham, pagkatapos ay si Isaac, pagkatapos ay si Jacob, at si Jose: ang apat na kanto. 62 At ngayon, si Abraham ang pundasyon ng pananampalataya. Sabihin nating mayroon itong apat na pundasyon. Ang pundasyon ng pananampalataya ay si Abraham. Ang pundasyon ng pag-ibig ay si Isaac. Ang pundasyon ng biyaya ay si Jacob (Ang biyaya ng Diyos kay Jacob. Alam iyan ng lahat.) Ngunit kay Jose ay ang kasakdalan. Diyan Niya maaaring ilapag ang monumento, hindi sa ibabaw ng unang pundasyon, ikalawang pundasyon, ikatlong pundasyon, kundi sa ikaapat na pundasyon.

41 Inilarawan ni Abraham si Cristo, siyempre; ganun din si Isaac sa pag-ibig: ginawa iyon ni Abraham sa pananampalataya. Ginawa iyon ni Isaac sa pagibig. Ginawa naman iyon ni Jacob sa pamamagitan ng kaniyang biyaya, sapagkat ang ibig sabihin ng "Jacob" ay "mandaraya"; at ganun nga siya. Ngunit samasakaniya ang biyaya ng Diyos. Ngunit pagdating kay Jose, walang anumang maipintas sa kaniya, maliban sa isang maliit na gasgas (sapagkat ang pundasyon ay kinakailangang maging isa ring obramaestra), nang sabihin niya sa ama niyang propeta, "Sabihin mo kay Faraon na ang kamag-anak mo ay mga tagapag-alaga ng mga baka at hindi mga pastol, sapagkat ang isang pastol ay karumaldumal sa Egypto."

Ngunit nang maharap ang matandang propeta kay Faraon, ang sabi niya, "Ang mga lingkod mo ay mga pastol." Kaya't nagasgasan siya. Kita n'yo? Kaya nga obramaestra rin iyon.

42 Ngayon, ang mga pundasyon ay nailatag sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-ibig, biyaya, at kasakdalan sa mga patriarka. Ngayon, ang ginawang katawan na ipinatong sa dakilang pbramaestrang ito ay ang mga propeta, na walang iba kundi ang Salita (Sana ay nababasa n'yo. Kita n'yo?)—ang mga propeta, hindi ang mga kautusan, ang mga propeta. Sapagkat ang mga propeta ay ang binindikang Salita na bumubuo sa katawan, hindi ang mga patriarka, ang mga propeta. Sila ang Salita. 66 Sa kahulihulihan, nagsimula Siya sa mga kaarawan ni Moises at sumunod ang mga propeta, bawat isa sa kanila, hanggang sa kahulihulihan—sa pagbubuo ng katawan, palapit ito nang palapit . . . 67 At ang pinakadakila sa kanilang lahat ay si Juan. Sinabi ito ng Biblia. Ang sabi ni Jesus: "Walang lalaking isinilang ng isang babaw na singdakila ni Juan Bautista," sapagkat siya ang makapagpapakilala sa Salita.

43 At dumating sa katapus-tapusan ang dakilang Ulo, ang Ulo ng lahat. Ang lahat ng iba pang bahagi ng katawan ay nangusap tungkol Dito. 68 Ang pundasyon ay nailatag sa pamamagitan ng mga patriarka, ngunit ang katawan ay nabuo sa pamamagitan ng Salita, na walang iba kund ang mga propeta. At

dumating ang Ulo ng lahat; dumating sa eksena si Jesus. Nang mailapag doon ang Ulong ito, nakita natin sa Kaniya ang buong gawa ng Diyos. Nakita natin sa Kaniya ang ganap na repleksyon ng Salita, sapagkat Siya ang Salita, ang kapuspusan ng Salita. Ngayon, mayroon na namang sakdal na Obramaestra ang Diyos, tulad ng sinabini Isaias, "Narito ang Aking Lingkod, ang Aking Obramaestrang inilarawan sa lahat ng mga kapanahunang nagdaan, tungkol sa isang Sakdal na parating. At nakatayo na Siya ngayon dito sa Aking harapan, isang sakdal . . ." Sa Kaniyang larawan ay sinalamin Niya ang Diyos, sapagkata sinabi Niya sa Juan 14, "Kapag nakita mo Ako, nakita mo na rin ang Ama." . . .

44 At sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasadiyos; at inukit ang Salita at sinalamin Nito kung ano ang Salita nung pasimula: Siya, ang Salita, naisalamin sa Obramaestrang nasa Kaniyang sariling wangis, ang Diyos na nagbalik sa Kaniyang sariling wangis, ang anyong Salita na naisasalamin sa larawan ng isang lalaki: ang Obramaestra. 70 Lahat ng mga propeta ay may mga kapintasan. Lahat sila ay bahagi lamang. Ngunit dito sa dulo matapos na dumaaan sa mga iyon dumating na sa wakas ang Obramaestra, ang Sakdal, walang anumang kapintasan sa Kaniya, napakasakdal, isinalamin Niya ang Tagapagtayo Mismo. Ang Sarili Niyang

larawan ay naisalamin sa Kaniyang Gawa. Ang Diyos at si Cristo ay Iisa: and Diyos at ang Kaniyang Gawang Iskultura, ang Kaniyang Obramaestra . . . Samantalang si Moises na gawa ni Michaelangelo ay isang gawang iskulturang patay, dahil yari sa bato. Ngunit dito, ang Punong Tagapagtayo, nang masakdal na Niya ang Kaniyang Gawa, pumasok Siya Dito.

45 Napakasakdal na Manunubos ng tao, napakasakdal, napakabanal (Gayunma'y wala tayong kagandahang pakananasahin sa Kaniya.), samantalang napakasakdal ng isinilang ng birhen na Anak ng Diyos na buhay na ito, at mapagpakumbaba, at nasa larawan ng Diyos, hanggang sa ang dakilang Maestro na nagpalitaw ng Kaniyang Buhay sa mga propeta (at Siya ang katuparan ng lahat ng mga propeta) . . . Napakasakdal Niya, hanggang sa nang makita ito ng Diyos, sinaktan Niya Siya at saka sumigaw, "Magsalita Ka!" tulad ng ginawa ni Michaelangelo, "Magsalita Ka!" 72 Sasabihin mo, "Totoo ba iyon?" Sa Marcos 9:7, makikita natin sa Bundok ng Pagbabagong Anyo, nang tumayo doon si Moises, ang kautusan, at ganun din si Elias, ang mga propeta. Hanggang sa mga patriarka, sa mga magulang, sa kautusan, sa mga propeta, at lahat sila ay nakatayo doon, nakarinig tayo ng Tinig mula sa ulap na nagsabing, "Ito ang Sinisinta Kong Anak, pakinggan n'yo Siya." At kung sila'y makikinig, kailangan Niyang magsalita. Ilang araw lang iyon bago Siya saktan. "Ito ang Aking Anak, na kinalulugdan Kong panahanan. Hinulma Ko Siya. Inabot Ako ng apat na libong taon upang mahatid Ko Siya rito. At ngayon ay napakasakdal Niya na kailangan Ko Siyang saktan upang Siya ay makapagsalita. "Pakinggan n'yo Siya." Siya Yaong Sinakdal. Siya ang Obramaestra.

46 Alalahanin, inilarawan Siya sa buong panahon ng Lumang Tipan. Makikita natin Siya bilang Bato sa ilang, ang hinampas na Bato sa ilang: "Ako ang Bato na noon ay nasa ilang." Ngunit iyo ay isang bato; hindi pa iyon durating sa kasakdalan nito. Ngunit sa anyo ng pagtitipo sinundan Nito ang Iglesia upang mapagkuhanan at makapagbigay ng Buhay sa mga maaarin Niyang bigyan ng Buhay. Ngunit Siya ang Bato sa ilang. Hindi pa Siya nagiging tao; Siya ay nasa pagtitipo pa lamang. 74 Nakita Siya ni Moises na nakatayo sa bato. Nakita niya Siyang dumaan, at ang sabi niya, "Ito'y likod na bahagi ng isang lalaki." Nakikita n'yo ba, ipiniprisinta ng Iskultor kay Moises na isang potensyal na larawan ni Cristo, kung anong magiging itsura ng dakilang Obramaestra kapag Ito'y napasakdal na. Pinadaan Niya ang Kaniyang . . . Ipinaaninaw Niya kay Moises ang pangitain ng magiging itsura ng Obramaestra. Isa Itong nakatalikod na Lalaki ng dumaan sa ilang.

47 Alalahanin, ang nagawa lang ni 'Angelo ay ang sumigaw at hampasin ang imahe at magsabing, "Magsalita ka!" Ngunit ibang-iba iyon sa Diyos, ang Dakilang Iskultor. Nang lumikha Siya ng isang tao sa Kaniyang larawan, napakasakdal na isinalamin Siya Nito, ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng larawan ng tao, ipinapakita kung anong gagawin Niya. Nangusap Siya sa mga propeta dahil sila ay nasa kanilang potensyal na larawan, habang tinutungo Niya ang Ulo. Ngunit pagdating Niya sa Ulo, Siya ay buong larawan ng Diyos. Inilalarawan Niya ang Kaniyang Sarili. Pagakatapos ay sinaktan Siya para sa atin . . . Ngayon Siya ang ating Obramaestra, ang Regalo ng Diyos, si Jesus Cristo, ang Buhay na Walang Hanggan. Sana'y huwag nating makalimutan iyan.

48 Habang nakikita nating nagdidilim ang mga araw, at gumagabi na . . . Tinataya kong ilang ikot na lang ng araw ang bansang ito ay mapapahamak na. Alam n'yo ba, kahapon, ikaapat ng Julyo, kung kailan ay nilagdaan ni Thomas Jefferson ang Deklarasyon ng Kalayaan, siya at ang isa pang kalupon, at umalingawngaw ang Kampana ng Kalayaan at tayo ay idiniklarang isang malayang bansa . . . Ayon sa kasaysayan wala pang demokrasyang nagtagal ng higit sa dalawang daang. At iyon ay naganap nung 1776, ika-4 ng Hulyo. At labing-isang taon na lang ang natitira sa atin. Marating kaya natin iyon? Hindi, hindi maaari. Labing-isang taon, at kung mangyari iyon, sisirain nito lahat ng kasaysayan.

49 At nakikita natin ang kundisyon ng panahon. Nakikita natin ang kundisyon ng mga tao. Nakikita natin ang kundisyon ng pulitika. Nakikita natin ang kundisyon ng daigdig. Hindi ito makatatayo. Lulubog at lulubog ito tulad ng Titanic. Kinakailangan nitong gumuho. Sapagkat may isang . . . Nagbibigay-daan ang

isang bansa sa iba sa pagbagsak nito. At kinakailangang bumagsak ang kahariang ito upang magbigay-daan sa paparating na Kaharian na hindi maaaring bumagsak. Sapagkat nakatanggap tayo ng isang Kahariang hindi makikilos sa pamamagitan ng sakdal na Larawang itong Diyos, ang Obramaestra.

50 Ang Diyos, nang tignan Niya Siya, labis Siyang nasiyahan, lubos Siyang . . . Ang makita Siya sa itsura Niya at ang makita ang Kaniyang Anyo, lubos Siyang nasiyahan na ito ang magiging sakdal na Obramaestra ng isang Manunubos: si Jesus na Manunubos. Kaya't ang Diyos, upang Siya mismo ang masaktan, upang mabayaran ang Kaniyang kaparusahan, ang Diyos at si Cristo ay naging Isa, nang sa gayon ay masaktan ang Diyos sa larawang iyon, Siya ay masugatan. Kaya't sinabi ni Isaias, "Ating ipinalagay Siyang hinampas at sinaktan ng Diyos. Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan. Ang parusa ng

ating kapayapaan ay napasa kaniya; at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."

51 Ang sakdal na larawan ng Diyos-na-tao, ang Diyos na nagpalit ng anyo mula sa Supernatural patungo sa nakikita. At ang pangitain ay naipakita sa Larawan. At ang Larawan ay sinaktan upang matikman ng Supernatural ang sakit ng kamatayan, ng sakdal na Obramaestra ng Diyos. Hindi Niya iyon maaaring gawin kay Moises. Hindi Niya iyon maaaring gawin sa mga propeta. Si Isaias ay nilagare hanggang sa magkapira-piraso . . . Hindi niya iyon maaaring gawin sa mga propetang pinagbabato. Hindi maaari, sapagkat hindi Niya iyon maramdaman. Sila ay mga bahagi lamang Niya. Ngunit sa sakdal na Obramaestrang ito Siya ang Kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman. Hindi lang si Moises ang maaari Niyang maipakita, maaari Niyang maipakita ang kabuuan Niya sa Personang ito at tikman ang kamatayan para sa buong sangkatauhan. Lubos na nasiyahan ang Diyos nang makita Niya ang Obramaestrang Ito, Siya ang naging Manunubos sa lahat ng panahon upang mangusap para sa mga taong nasa likuran noon at ngayon. 80 Ang lahat ng mga pangako ay natupad sa Kaniya. Siya ang Kasakdalan ng kasakdalan. Lahat ng mga tipo ay naganap sa Kaniya: ang ating Kaanak na Manunubos kina Ruth at Boaz; ang ating Tagapagbigay ng kautusan mula sa Bundok Sinai; ang ating Propetang mula sa ilang, habang pababa Siya ng bundok, pagkagaling Niya sa ilang, sa Kaniyang pagdating mula sa Walang Hanggan upang maging tao, ang sakdal na Larawan.

52 Ang Diyos, sa panahong nagdaan, ay umukit sa pamamagitan ng mga patriarka, at gumawa ng plataporma, at iniangat sila mula sa iba't ibang mga bagay na pinagpatungan ng pundasyong ito. Sinimulan Niyang itayo ang Kaniyang Salita (ang mga propeta), at sa katapus-tapusan ay humantong sa sakdal na Propeta, sa sakdal na Pundasyon, sa sakdal na pangitain ng Diyos. 82 At ngayon, upang ito ay makapagsalita (Siya ang Salita.)—at upang makapangusap ang Salita kinakailangan Niyang pumasok sa Imahe. At upang makapagsalita ang imahe, kinakailangang itong hampasin. Pumasok Siya sa Imahe. At upang makapagsalita, ang sakdal na Manunubos ay . . . Lahat ng mga tipo ng Lumang Tipan ay natupad sa Kaniya. 83 Tulad ng sinabi ko nung isang araw, si Jehova ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago. Siyanga!

53 Gaya ng marami sa inyong mga kalalakiha't kababaihang kaedad ko, datirati'y maraming mga palabahan ng mga Intsik sa buong bansa. Nung magsimula ang mga Intsik, nanggaling sila sa kanlurang baybayin, lumipat ng silangan, galing sa bansang silangan, papunta sa gawing ito. At sa kanilang

pagtungo rito, hindi nila alam ang ating lengguwahe at mga gawi, ngunit mahuhusay silang manlalaba. Hindi sila marunong maniket para sa pagkuha mo ng iyong pinalabhan. Ngunit ang Intsik ay may isang bungkos ng mumunting blankong tarheta. Kaya't pag magpapalaba ka, kukuha siya ng tarheta at pupunitin niya sa isang paraan at iaabot niya sa iyo ang kahati, at tinatago niya 'yung isa. At ngayon, mas nainam ito kaysa sa kung anong mayroon tayo ngayon, dahil pagbalik mo upang kunin ang pinalabhan mo, kailangang magtugma ang dalawang pirasong iyon. Hindi mo ito maaring gayahin kung kailanganin mo man. Walang paraan upang gawin ito. Maaari kang gumawa ng mga kopya ng sulat, ngunit hindi mo maaaring gayahin ang pagkapunit na iyon. Kinakailangan itong umakma nang husto doon sa kahating piraso. Kaya matutubos mo ang maruruming damit na ipinasok mo sa pamamagitan ng tiket na ito, sapagkat tumugma ito sa ticket na iniwan mo.

54 At nang ang Diyos, sa pamamagitan ng mga propeta at sa ilalim ng kautusan, ay kumundina sa atin sa kasalanan . . . At ang kautusan ay walang biyaya; sinasabi lamang nito na ikaw ay isang makasalanan. Ngunit nang dumating sa eksena si Jesus, siya ang katuparan. Siya ang katuparan ng lahat ng ipinangako ng Diyos. Siya ang sakdal, ganap na larawan ng pangako. Samakatuwid, lahat ng pangako ng Lumang Tipan ay natugunan kay Jesus Cristo. Hindi ito maaaring matugunan kay Moses. Hindi ito maaaring matugunan sa kanino mang propeta, ngunit ito'y natugunan sa Obramaestra. Tumugma Ito sa lahat ng sinabi Nitong magaganap. Kaya't kakailanganin ding tumugma ang Iglesia sa lahat ng ipinangako ng Diyos. Dapat maging Ito ang pirasong natapiyas. Kaya kung ang orihinal ay ang Salita, ang mga sakop na nahiwalay Dito ay dapat ding maging Salita upang tumugma sa tabi Nito.

55 Samakatuwid, ang Intsik . . . Maaari kang mag-angking . . . Samantalang hinahatulan ka ng

kautusan at sinasabing marumi ka, at ikaw ay nagkasala, at maaari kang ipakulong; ngunit nang dumating Siya, Siya ang naging Katugmang-piraso na maaaring maglabas, at magbalik sa iyo, upang mabuo ang tiket: ang katubusang ipinangako ng Diyos sa halamanan ng Eden: "Ang Binhi mo ang dudurog sa ulo ng sepente, ngunit ang sakong Niya ang dudurog—dudurog sa ulo nito."

56 Ngayon, nakita natin ang sakdal na Obramaestrang ito na tinapos ng Diyos. Ngayon, mapapansin nating Siya ang lahat ng naipangako. Siya ang lahat ng mga pangako, lahat ng mga hula, lahat ng ipinangako ng Diyos: "Ang Binhi mo ang dudurog sa ulo ng serpente." Ngayon, hindi Niya ito madurog sa pamamagitan ng kautusan. Hindi Niya ito madurog sa pamamagitan ng mga propeta. Ngunit nagawa Niya ito nang maging Obramaestra ang Binhi ng babae: si Cristo. Siya ang Batong nakita ni Daniel na naukit sa bundok. Siya

Yaong makasasakit. Siya Yaong makadudurog, makadudurog sa ulo ng serpente. 88 Ganap na tumugma ang Kaniyang buhay sa buhay ni Moises. Tumugma ang buhay Niya kay David. Tignan nating kung nagkagayon nga, kung Siya ang Katugmang-piraso.

57 Pansinin n'yo si David, isang tinanggihang propeta ng sarili niyang bayan. Gayon siya . . . Isang araw habang siya ay . . . Naghimagsik ang sarili niyang anak laban sa kaniya. At pinaghiwalay Niya at hinati ang hukbo ng Israel. At siya ang . . . Pinalayas—o pinaalis si David ng sarili niyang bayan sa kaniyang trono. At sa pag-alis niya may isang lalaki sa daan na namumuhi sa kaniya; at habang naglalakad siya, dinuruan nito si David. Binunot ng tauhan ni David ang kaniyang tabak at nagsabing, "Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong dumura sa aking hari?" 90 Ang sabi ni David, "Hayaan mo siya, ang Diyos ang nagsabi sa kaniyang gawin iyon." Hindi n'yo ba nakikita? Isang taong sa kapanglawan, bihasa sa karamdaman, nakatayo Siyang tulad ng isang tupa sa harapan ng mga manggugupit, pipi. Kita n'yo? Iyan ang sabi niya. Marahil ay hindi alam ni David ang kaniyang sinasabi. Subalit pagkatapos ng mga lima, anim na raang tao o higit pa, dumaan din ang Anak ni David sa mga lansangang iyon, at Siya ay dinuraan. Ngunit tignan n'yo kung anong nangyari nang maalis sa kaniyang . . . Nang maging takas siya, at mula sa pagkakatapon sa kaniya, nang makabalik siya, ang lalaking iyon ay nanghingi ng kapayapaan at habag. Maging ang mga nanakit sa Kaniya ay makikita rin Siya isang araw kapag bumalik na Siya.

58 At nakita natin kay Jose, na si Jose ay isang lalaking kakaiba ang pagkakasilang, ang huli, ang ibabaw na bahagi ng pundasyon, na pagtatayuan ng obramaestra. Nagpasimula ito sa pananampalataya, at nagtungo sa pagibig, at nagtungo sa biyaya; humantong ito sa kasakdalan. At gayon din nangyari mula sa paa nung pasimula, humantong ito sa kasakdalan kay Cristo. 92 Pansinin, gayon na lamang Siya naipamalas kay Jose, ang ibabaw ng pundasyon, ang pinakasakdal sa lahat. Nakita nating isinilang si Jose sa kaniyang pamilya; at sa katunayan ay sa legal siyang babae, na asawa ni Jacob. At pansinin n'yo rin, na nang isilang siya, minahal siya ng kaniyang ama; at kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid nang walang kadahilanan. Bakit nila siya kinamuhian? Sapagkat siya ang Salita. Nakikita n'yo ba ang pinakapundasyon? Nakita n'yo ba kung papaanong dumating ang ulon ng pundasyon. Ngayon tignan n'yo ang pagdating ng ulo ng katawan. Ngayon, masdan n'yo ang pagdating ng Ulo ng Nobya. Siya ang Salita noon. Namuhi sila sa kaniya dahil isa siyang propeta. Nakita niya ang mga bagay na darating

at sinabi niya sa kanila; nangyari ang mga ito. Gaano man ito tumagal, natupad pa rin ito. At dahil sa pagiging espirituwal niya, tinakwil siya ng kaniyang mga kapatid. Dapat sana'y minahal nila siya. Ngunit namuhi sila sa kaniya dahil isa siyang propeta at espirituwal siya. At nasuklam sila sa kaniya.

59 Pansinin, ipinagbili siya sa halagang halos tatlumpung pirasong pilak, itinapon sa isang hukay, inakalang namatay na, ngunit inahon sa hukay. At sa panahon ng kaniyang pagsubok sa piitan, ang punong katiwala ng saro at ang panadero . . . Alam nating naligtas ang punong katiwala ng saro at ang panadero ay napahamak. At sa piitan ni Jesus sa krus, ang isa ay naligtas at ang isa ay napahamak—dalawang magnanakaw, dalawang nagkasala. 94 At mapapansin nating hinango siya mula sa piitan patungo sa kanang kamay ni Faraon, na walang maaaring makipag-usap kay Faraon kundi sa pamamagitan lamang ni Jose. At kapag nililisan ni Faraon ang trono ni Faraon, hinihipan ang trumpeta sa buong Egipto, umaalingawngaw at nagsasabing, "Magsiluhod ang bawat isa; si Jose ay dumarating."

60 Gayon din ang mangyayari kay Jesus. Gayon na lamang ang pagmamahal ng Ama sa Kaniya at pagkamuhi ng mga makadenominasyon Niyang kapatid nang walang kadahilanan. Pinagbili Siya sa tatlumpung pirasong pilak (tulad nung nakaraan), at inilagay sa hukay na inakalang patay na. Sa krus, ang isa ay napahamak at ang isa naman ay naligtas, at itinaas Siya mula sa krus at umupo sa kanang kamay ng Diyos sa Kaluwalhatian, ang dakilang Espiritu, na naipamalas sa Kaniya. At walang sinumang maaaring makipag-usap sa Diyos, liban sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Pag-isipan n'yo. At kapag nilisan na Niya ang tronong iyon, pag-alis Niya, tutunog ang trumpeta at bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magpapahayag. 96 Alalahanin, siya ay anak ng kasaganahan. Lahat ng gawin niya ay pinagpapala, maging sa piitan man ito o kahit saan, nagiging mabuti ito. At hindi ba't ipinangako Niya sa Kaniyang mga anak na paglalakip-lakipin ang lahat ng bagay para sa ikabubuti, maging ito man ay karamdaman, piitan, kamatayan, mga kapanglawan, anuman ito, maglalakip-lakip ito sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Kaniya. Ipinangako Niya ito, at dapt itong magkagayon. Kinakailangan itong maparoon.

Patalingaha itong ipinangusap sa atin nang tayo'y nasa Kaniya pa. Siya ang sakdal na Larawan ng Diyos. 97 Ngayon, nakikita rin natin dito na pagbalik Niya . . .

61 Alalahanin, iniligtas ni Jose sa pamamagitan ng kapahayagan ang mundo sa pamamagitan ng kaniyang dakilang hula. Naglaho na sana ang sanlibutan kung hindi dahil kay Jose. At naglaho na sana ang sanlibutan kung hindi dahil kay Jesus: "Gayon na lamang ang pagsinta ni Jesus sa sanlibutan na ipinagkaloob Niya ang

Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay huwag mapahamak." Nagiingat ang Diyos ng Buhay.

62 Maaari tayong magpatuloy nang magpatuloy. Sapagkat sadyang katugma Niya si David. Katugma Siya ni Moises. Katugma Niya si Elias. Katugma Siya ni Jose. Lahat ng ginampanan o naihula sa Lumang Tipan ay tumugma riyan. Ano ito? Nagpapakita ito ng isang sakdal na Manunubos na kayang maglagay ng ating luma't maruruming damit sa labahan at muli itong tubusin. Hinugasan ito sa Dugo ng Kordero. Maaari na nating angkinin kung ano ang sa atin. At lahat ng bagay na pinag-alayan Niya ng buhay, ay maaari nating angkinin. 99 Bagama't Siya ang sakdal na Salitang naipamalas,

63 ikinalugod ng Diyos, ang dakilang Iskultor, na saktan Siya, at magkaganito. Makikita natin Siya dito sa Isaias sa ating pagbabasa: "Minasdan natin Siyang lahat. Pinagkublihan natin Siya ng ating mga mukha. Walang tayong kagandahang pakananasain sa Kaniya. (Pinag-uusapan Siya ng lahat, pinagtatawanan. Nangungusap ako ngayon tungkol sa Kaniya: pinagtatawanan Siya ng lahat. Kita n'yo?) Tinignan natin Siya—nakita natin Siya (ang 'esteem' ay nangangahulugang 'pagmasdan'). Pinalagay natin Siyang sinaktan at dinalamhati ng Diyos." Gayunpaman Siya'y . . . Anong ginawa Niya para sapitin ito? "Nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang. Siya'n nabugbog dahil sa ating mga kasalanan. 100 Ngayon, maaari tayong magpatuloy pa nang magpatuloy diyan, ngunit naniniwala akong nakuha n'yo na ang larawan ng aking pinakahuhulugan— muling itinatayo ng Diyos ang Kaniyang Obramaestra.

64 Ngunit huwag nating kalimutan na sa pasimula nang hampasin Niya ang tagiliran ni Adan, may kinuha Siya sa kaniyang tagiliran. Ngayon, ang pagkahampas kay Cristo ay may dahilan, upang makuha Niya mula sa Kaniya, ng isang magiging pamilya Niya, ang Nobya, upang makakuha Siya ng isang Nobya. Kaya't nang mapasakdal ang Kaniyang Obramaestra, ay kinailangan Niyang hampasin Ito upang makakuha mula sa Kaniya, hindi ng ibang piraso, hindi ng ibang nilikha, kundi ng isang mula sa iisang paglikha. 102 Kapatid, huwag mo itong pag-isipan ng masama, bagkus magbulay ka sandali. Kung kumuha Siya mula sa Kaniya, sa orihinal na nilikha, upang makabuo ng Nobya para sa Kaniya . . . Hindi na Siya gumawa ng iba pang nilikha; kumuha Siya ng bahagi ng orihinal na nilikha. At kung Siya ang Salita, ano dapat ang Nobya? Dapat ay ang orihinal na Salita, ang buhay na Diyos sa Salita.

65 Sa Kimberly, south Africa . . . Minsan ay tinitignan ko ang mga diamante, kung papaano iniaahon ang mga iyon sa lupa. At nakita kong nakalapag ang mga iyon habang . . . Buweno, ang superintendent ng planta o ng minahan ay isa sa mga usher ko sa pila ng panalangin. At napansin kong ang mga diamanteng nagkakahalaga ng libu-libong dolyar ay magkakasamang nakabunton; ngunit hindi kumikinang ang mga ito kahit na nakatapat sa liwanag. At nagtanong ako sa superintendent ng minahan; ang sabi ko, "Bakit hindi kumikinang ang mga ito?" 104 Ang sabi niya, "Kasi po, hindi pa sila natatabasan. Kailangan muna silang tabasan. At kapag natabasan na sila, maaaninag na ang liwanag sa mga ito." Hayan na nga. 105 Ang obramaestra ay kinakailangang matabasan. At pansinin n'yo. Bakit tinabasan? Hiniwalay ba ang pirasong iyon? Ang tinabas na piraso ay ginagawang victrola needle. At ang victrola needle ay ipinapatong sa isang record ng musikang hindi nakikita ng sanlibutan; subalit ang karayom na iyon ang naglalabas, nagpaparinig ng tunay na interpretasyon ng Salita.

66 Tumugma ang buhay Niya sa lahat ng taong iyon. Nalugod ang Diyos na saktan Siya. At ngayon, bakit Niya Siya hinampas? Sa kaparehong dahilan ng pagkahampas Niya kay Adan. 107 Ngayon nakita natin Siyang hinampas at sinaktan ng Diyos at dinalamhati, pinaslang ang Korderong sakdal para sa mga makasalanan, isang sakdal na Obramaestra.

67 Ngayon, sa loob ng halos dalawang libong taon gumagawa muli ang Diyos ng Kaniyang Obramaestra, sapagkat hinampas Niya si Adan upang makakuha ng kapraso mula sa kaniya (bahagi niya), isang tadyang upang magawan siya ng kabiyak. At ngayon, kumuha Siya ng kapraso mula sa sakdal na Obramaestrang iyon na hinampas Niya sa Kalbaryo. Iyan nga ang Bagong Tipan; iyon lang. Tinupad Niya ang Lumang Tipan. Ngayon, Bagong Tipan, may ibang pirasong kailangang matupad. Kita n'yo, ang Bago at ang Luma ay mag-asawa (Kita n'yo?); at kinailangan ang Luma upang maipaaninaw ang Bago. Si Cristo, ang Obramaestra ay dumating upang tuparin iyon. Ngayon ang Kaniyang Nobya ang tutupad sa lahat ng nasa Bagong Tipan. Isa namang Obramaestra ang kasalukuyang ginagawa.

68 Kung papaanong inabot Siya ng apat na libong taon upang mabuo ang Obramaestrang ito, ngayon ay halos dalawang libong taon na ang nagugugol Niya sa pagbuo ng isa na namang Obramaestra: isang Nobya para kay Cristo, isa na namang Obramaestra: ang Kaniyang Salita. Ganiyan Siya kung gumawa ng Kaniyang mga obramaestra. Sapagkat isang sakdal na

obramaestra lamang ang mabubuo kapag ito'y ang sakdal na Salita. Anumang dumi, basura, pagsisingit ay magdudulot ng pagkawasak; ngunit ang langit at lupa ay lilipas, subalit ang Salitang iyon ay hindi kailanman masisira. Alalahanin n'yo na sa pagtabs ng mga diamante, kinakailangang mo ng isang sakdal na kasangkapan para magawa mo ito, hindi lang basta kung ano. Nakita kong binabagsakan ito ng malalaking pandurog na tonetonelada ang bigat at umuusog lang ang tone-toneladang iyon, at nadadaanan ang diamante. Hindi, hindi nito nadudurog ang diamante: kinakailangan itong tabasin.

69 Ngayon, gayon din ang ginagawa Niya sa Kaniyang di-nagbabagong paraan. Makikita natin sa Malakias 3, ang sabi Niya, "Ako ay Diyos, at hindi Ako nagbabago." Hindi Niya maaaring baguhin ang Kaniyang paraan. 111 Ngayon, sa pagsisimula Niya kay Abraham . . . Matapos ang pagbagsak ng unang obramaestra, nagsimula Siya kay Abraham, sa isang pundasyon, upang pagtayuan ng isa na namang obramaestra. Nagsimula Siya sa araw ng Pentecostes upang makagpagtayo ng isa na namang Obramaestra—ang orihinal na Salitang binhi ay nagsimula sa unang Iglesia. Ano iyon? Ang Salitang binhi, ang Salitang naipamalas, ang pangakong naipagkaloob. Ang sabi ni Joel, "Mangyayari sa huling mga araw, ang sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay manghuhula. Ang inyong matatanda ay mananaginip; ang mga kabataan ninyong lalaki ay makakikita ng mga pangitain," ito ang gagawin niya sa huling mga araw: sa huling dalawang libong taon.

70 Pansinin. At nagsimula ito bilang orihinal. Tulad ng sabi ni Jesus, "Ang Salita ng Diyos ay isang Binhi na inihasik ng isang manghahasik." At Siya ang Manghahasik na iyon. Ang Binhi ay ang Salita. At pansinin n'yo. Anumang binhing nananatiling mag-isa ay walang nagagawa. Kinakailang mahulog ito sa lupa upang makapamunga muli. Ang ang Binhing ito, ang sakdal na Iglesia, ay nahulog sa lupa sa Nicaea, Rome, nang maging isa siyang denominasyon. 113 Ngayon mga mananalaysay, alalahanin n'yo, at kayong mga makaririnig ng tape na ito, suriin n'yo at tignan kung hindi ito tama. Ang iglesia ay manata sa Nicaea, Rome, nang tanggapin niya ang mga dogma at kredo kapalit ng orihinal na Salita. Ano iyon? Ipinakita ng Diyos sa pamamagitan ng unang Iglesia na Siya ay Diyos. Nagkaroon Siya ng isang Iglesiang pinasakdal; ngunit ang Iglesia, tulad ng lahat ng iba pang binhi, ay kinakailangang mahulog sa lupa at mamatay. Ngayon, nahulog ito sa lupa, at namatay, at nabulok.

71 Alam n'yo, nakabasa ako dito ang libro di pa katagalan. May isang sumulat ng librong nagsasabing: "Ang Tahimik na Diyos." Marahil ay nabasa

n'yo na ito; nakakalimutan ko, sa wari ko'y si Brumback . . . Hindi, hindi ako tiyak kung sinong sumulat nito. Ngunit . . . Hindi ko maalala . . . Nasa silidaralan ko iyon: "Ang Tahimik na Diyos." Ang dabi, "Ang Diyos, sa loob ng dalawang libong taon ng Madilim na Kapanahunan ay nanahimik, at hindi naggalaw ng isa mang kamay, habang minamasdang tinatapon sa hukay ng mga leon at sinusunog ng mga Romano ang mga tapat na martir; lahat ng klase ng pagpaslang; hinuhubaran ang mga kababaihan, sinisilaban na may alkitran ang kanilang mahahabang buhok upang sila'y sunugin." Alalahanin, ang maiksing buhok ay nagsimula sa Roma. At ang mga Cristianong kababaihan ay may mahahabang buhok. Kaya't sinasawsaw nila ito sa alkitran at saka sinisilaban, at sinusunog sila, habang mga nakahubad, at ipinapakain sa mga leon. At nagsabi ang manunulat na ito, "Nasaan ang Diyos na iyon?" Oh, ang pagkabulag nga naman ng tao magkaminsan. Hindi n'yo ba nalalaman na ang Binhi ay kinailangang mamatay? Hindi Niya minsan man tinangkang iligtas sila. Bumagsak sila sa tagumpay. Bumagsak silang duguan at nangamatay, inalay ang kanilang mga buhay. Bakit? Isa iyong Binhi; kinailangan Nitong mahulog sa lupa. Sinasabi sa atin ng I Juan 12 na ang butil ng trigo ay kailangang mahulog sa lupa at doon ay mamatay, at hindi lamang mamatay, kundi mabulok. Ngunit walang kamalay-malay ang denominasyong iyon na ang Buhay ay naroroon pa rin.

72 Bagamat ang iglesia mismo ay nasa labinlimang araw na madugong pulitikal na debate sa Nicaean Council, nang pumasok ang mga aristocrat at nais na magpasok ng matataas na pinuno sa iglesia . . . At sumulpot ang mga propeta mula sa ilang, na ang kinakain ay mga halaman at nakabalabal ng balat ng hayop, mga tunay na propeta, ngunit sila'y pinagtabuyan. Bakit? Ang Binhi'y kailangang mahulog sa lupa. Kinakailangan itong mamatay. 116 Namatay ito sa Kapanahunang Madilim sa ilalim ng maitim na lupa. Akala nila'y naglaho na ito. Alam n'yo, sa Juan 12:24, ang sabi ni Jesus, "Malibang mahulog sa lupa ang butil ng trigo, mananatili itong nag-iisa." Ang unang Iglesia ang naging bunga niyon, ang Nobya, ang Binhi, ang Salitang nahayag na nahulog sa lupa sa Nicaea, Rome.

73 Makinig kayo, iglesia, sa lahat ng bansang makaririnig nito; hayun ang inyong lupa; ang mga denominasyong iyan. Diyan ipinako sa krus ang Salita at tumanggap sila ng dogma. At sa loob ng daan-daang taon ng Madilim na Kapanahunan ang kapangyarihan at manipestasyon ng Salita ay naitago sa mundo. Ang Catolico lamang ang namayani. Alam nating lahat iyan, sa pagbabasa natin ng kasaysayan. Ang Catoliko lang ang namayani.

Ngunit hindi mo maitatago ang isang binhing may buhay. Uusbong at uusbong ito. Bakit? Ang Dakilang Iskultor ay gumagawa. Magtatayo Siyang muli, kaya ang Binhi ay nahulog, ang Salita.

74 Makikita natin si San Pablo, Pedro, Santiago, Juan, lahat ng sumulat ng Salita, at ang daang kanilang —ang salitang isinulat nila ay nagkabuhay at nabuhay. At Ito'y nabuhay. At nakita natin na nang magsimula itong mahinog, nagsimulang gumawa si Juan ng kaniyang mga sulat. Itinapon siya sa Isla ng Patmos matapos na pakuluan sa langis sa loob ng dalawampu't apat na oras. Ngunit ang Salita ay kinakailangang lumabas. Hindi pa tapos ang kaniyang gampanin. Namatay siya sa isang natural na kamatayan. 120 Pinagpatuloy ni Polycarp, na isang disipulo ni Juan, ang Salita. At mula kay Polycarp ay duamting si Irenaeus. At si Irenaeus, ang dakilang lalaki ng Diyos ay sumampalataya sa Ebanghelyo na siya ring sinasampalatayanan natin, "Ang Salita ay tama," habang sinisikap Itong alisin ng simbahan.

75 Sa kahuli-hulihan ay humantong ito sa Nicaea, Rome, at doon ay nahulog siya sa lupa (pagkatapos ni St. Martin), at ito'y pinatay. Pinaniwalaan ni St. Martin kung anong pinaniniwalaan natin. Katulad ng sa atin ang kaniyang pinaninindigan: ang bautismo ng Espiritu Santo, ang bautismo sa tubig sa Ngalan ni Jesus. Kaisa natin siya sa paninindigan, sapagkat isa siyang propeta, sinampalatayanan niya ang buong Salita ng Diyos. At sa kahulihulihan ay ipinako sila sa krus, at dinurog sa lupa, at nahimlay doon sa loob ng daan-daang taon hanggang sa mabulok ang panlabas na binhi. Ang mga katawang iyon ay sadyang nabulok. (Nakapunta na ako sa San Angelo sa mga catacomb at nakita ko kung saan sila namatay at ang mga bali-bali nilang kalansay at lahat na.) Lubusan silang nabulok hanggang sa mawala na ang kanilang mga buto, ngunit ang Buhay ay naroroon pa rin.

76 Ang butin ng trigo na nahulog sa lupa sa Nicaean Council ay nagsimulang umusbong muli kay Martin Luther, tulad sa anumang butil na umuusbong o trigo. Matapos na mabulok ang mga binhi, ang buhay ay sumisibol. At nagsimula itong umusbong kay Martin Luther. Ano'ng una niyang ginawa? Tinanggihan niya ang denominasyon ng Catolicismo, nagprotesta siya na ito'y mali; sapagkat sinabi niya, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ano iyon? Isang munti at mahina pang Buhay na naglabas ng dalawang usbong. Iyon ang mga Lutheran. Tunay na hindi pa ito kamukha ng butil na naibaon sa lupa, ngunit ang Buhay ay lumalabas na. 123 Pagkatapos nagpatuloy ito hanggang sa maging isang uhay. Pagkatapos ay anong nangyari? Sa panahon ni John Wesley, ano'ng ginawa niya nang ihayag niya ang pagpapakabanal? Nanatili siya sa Salita, at anong idinulot nito? Nag-organisa ang mga Lutheran at nagtatag ng isang organisasyon; kaya't

panahon na upang may maganap. Ang ay kasalukuyan nang itinatayo. Anong ginawa niya? Anong ginawa niya? Pinrotesta niya ang Anglican church at lumabas siya sa repormasyon bilang palawit ng trigo. Ano iyon? Ang binhi'y patungo na sa Buhay, lumalaki na.

77 Ngayon, ang uhay ay hindi kamukha ng binhi, gayon din ang mga palawit. 125 Ngayon, mga kapatid na Pentecostal sa lahat ng bansa, nais kong makinig kayo, kapatid ko, kung ito ang huling mensaheng ipangangaral ko. Ito ang aking obramaestra. Napapansin n'yo ba pagkahulog ng butil ng trigo sa lupa, pag nagsimula na itong magbalik muli sa anyo ng butil . . . ? 126 Masdan n'yo ang kalikasan. Ang kalikasan ay talagang Diyos; tanging ang pagkilos ng Diyos sa kalikasan ang gumagawa nito. Ngunti mula sa Pentecostal revival, tulad ng iniisip nila, na binhi na iyon . . . Hindi pa. Ngayon, masdan n'yo. Ngunit may lumitaw na kamukhang kamukha ng binhi. Ngayon, masdan kung anong sinabi ni Jesus sa Mateo 24:24, na ang dalawang espritu sa huling mga araw ay magiging magkahawig na magkahawig na anupa't dadayain maging ang hinirang kung maaari lang.

78 Ngayon, ang uhay ay walang pagkakahawig sa binhi; hindi rin naman kahawig ng mga palawit ang binhi. Ngunti pansinin n'yo ngayon, hindi sa panahon ni Luther, kundi sa huling araw . . . 128 Ang unang bagay (May mga magsasaskang nakaupo rito.)—ang unang umuusbong sa trigo, halos akalain mong ito na ang binhi, ngunit ano iyon? Ito'y ang ipa. Bumubuo ito ng isang bagay sa labas upang humawak sa binhi. Nabubuo ang ipa. Ngunit ang ipa ay hindi ang binhi tulad din ng palawit o ng uhay; isa lamang itong tagapagdala ng buhay, ng binhi ng trigo na ipinangusap ni Jesus sa ika-12 kabanata ng Juan (Kita n'yo?).

79 Ang trigo, matapos ang uhay, pagkatapos ni Wesley, ay nag-usbong ng ipa, na siyang pinakakahawig ng butil sa lahat. Ang ipa ay higit ng kahawig ng butil—pahawig ito nang pahawig sa butil, na naibaon sa lupa. At pagdating nito sa uhay, may buhay ito, ngunit tunay na hindi pa ito ang butyl. Umusbong ang palawit, ang polen, hindi pa rin iyon ang butyl. At umusbong naman ang ipa. Kahugis lang ito ng trigo, kahawig na kahawig ng butil ng trigo; ngunit hindi pa rin iyon ang trigo: kahugis na kahugis lang, nang husto. 130 Ang mga Pentecostal ay lumitaw nang tulad sa trigo. Ang bawat isa ay nagmumula sa isa't isa, nanggaling sa isa't isa; ngunit mga tagapagdala lamang sila. Nauuwi sila sa denominasyon. At iyon ang ginawa ng Pentecostes: humantong sa denominasyon. At anong ginawa ng Pentecostes nang lumitaw itong tulad ng trigo? Pagdakay nagbalik ito, tulad sa

Apocalipsis 17, sa pagiging isa sa mga kapatid na denominasyon. Iyan nga ang sinabi ni Jesus.

80 Ngayon, masdan n'yo. Ang Ebanghelyo ay dadaan kay Luther, dadaan kay Wesley papasok sa Pentecostes. At sa huling mga araw dadayain nito ang pinaka hirang kung maaari: ang hinirang. Oh, mga kapatid na Pentecostal, hindi n'yo ba nakikita? 132 Ang trigo sa pasimula ay tulad sa pag-uumpisa ng

pagkahugis ng binhi; ngunit ipa pa lang ito. Nagtatag ito ng denominasyon, katulad na katulad din ng ginawa nila panahon ni Luther. Sa Apocalipsis 17 gayon din ang pinatutunayan nito tungkol sa mga iglesia. 133 Ngayon, ang binhing butil sa orihinal na kalagayan nito ay nahulog sa Nicaea, sapagkat doon nabuo ang unang denominasyon. Pansinin. Ang buhay na nasa uhay, nasa palawit, ay humantong nang lahat dito sa binhi. 134 Ang buhay na dumaan sa iba't ibang proseso, sa tatlong magkakaibang proseso, ay nagbabalik sa kaniyang orihinal na kalagayan. Aleluia. Ay, naku. Ako ang pinakamasayang tao sa mundo na ipinakita ito ng Diyos sa akin. 135 Masdan n'yo kung papaanong ganap na gumagawang magkalakip ang Salita at ang kalikasan.

81 Tulad ng pagpapatunay natin sa pagkabuhay na muli: Pagsikat; ang paglubog ng araw at ang muling magsikat nito; ang pagkalagas ng dahon ng puno sa—ang pagbaba ng katas sa ugat, at muling pagbabalik nito kasama ang dahon at muling paglagpak sa lupa. Muling sisipsipin ng buhay ng punong kahoy ang calcium at potash, at iaakyat ito upang maging iba namang dahon. Kita n'yo? Ang buong kalikasan, ang lahat ay gumagawang kalakip ng Salita ng Diyos. At ganitong ganito rin sa mga kapanahunan ng iglesia. Kaya nga bumaba ang Espritu Santo at iginuhit ang mga bagay na iyon at inilahad sa atin sa gayong paraan. Tama nga.

82 Pansinin n'yo. Ang buhay na nasa ipa, nasa uhay, nasa palawit, nasa talupak, ay natipon sa binhi. At ang buhay na nasa uhay, ay nagpatuloy upang mabuo ang kasunod. Ang pag-aaring ganap ay nagbigay daan sa pagpapakabanal. Ang pagpapakabanal ay nagbigay daan sa bautismo ng Espiritu Santo. Ang bautismo ng Espiritu Santo ay nagbigay daan sa mismong Espiritu Santo upang bumaba ito sa kasakdalan, pabalik sa Salita upang magpamalas ng Sarili. 137 Ngunit anumang nagtatatag ng denominasyon ay namamatay. Tulad ng ang buhay na nakay Luther ay nagpatuloy upang mabuo si Wesley. At mula kay Wesley nagtungo ito sa Pentecostes, at mula sa Pentecostes ay nabuo ang orihinal na binhi. Nagpatuloy ito hanggang sa . . . Ang Pentecostes ay lumabas galing kay Wesley pagdating ng pagkakataong iyon. Ang dahilan

kaya lumabas ang Pentecostes kay Wesley ay sapagkat hindi pa ito isang denominasyon nung una. pagkatapos ay nagtatag ng denominasyon ang Pentecostes. Anong ginawa ito? Humantong ito sa ipa. Parang tunay na binhi na iyon.

83 At sinumang . . . 138 Ilan ba ang nakakita na ng pag-usbong ng binhi ng trigo? Ano'ng unang lumilitaw? Kahawig na kahawig ito ng binhi, ngunit ito'y ang ipa. Nakikita n'yo ba ang tatlong yugto? Ang uhay, palawit o polen, at ang ipa. At mula sa ipa ay lumalabas ang orihihal na binhi. Hindi isang binhi, kundi iyon ay ang Buhay na dumaan dito sa paglago nito hanggang sa makarating sa binhi. Amen, amen. Nakikita n'yo ba? Ano ito? Isang pagkabuhay na muli, pagbabalik sa isang Obramaestra, tulad niyaong isang nailibing. 139 Ang Pentecostes ay nagmula sa kilusan ni Wesley, sapagkat iyon ay isang organisasyon. Hindi organisasyon ang Pentecostes nang ito'y lumabas, ngunit naging gayon din pagkatapos. Kinakailangan nitong buuin ang ipa. Ang tunay na Salita ng Buhay na naroroon ay papunta na sa orihinal na butil matapos na dumaan sa tatlong yugtong ito: galing sa uhay tumuloy ito sa polen; galing sa polen tumuloy sa ipa; at galing sa ipa nabuo ang binhi.

84 Hindi . . . Uhay, palawit, ipa. 140 Nung nabubuhay pa sila, nagbunga sila sa unang bahagi ng kanilang revival ng isang sisidlan ng bahagi ng Buhay ng binhi; ngunit nang magtatag sila ng organisasyon, nilisan ito ng Buhay. Iyan ay pinatutunayan ng lahat ng kasaysayan. Walang isa mang organisasyon ang nakagawa ng anumang bagay matapos na ito'y magtatag ng organisasyon. Patay na ito. Tama. Masdan n'yo, ang pagsulong ng buhay. Patuloy itong umuusad. 141 Pansinin. Ang ginawa nila, ang nagawa lang nito, ay ang patunayan sa pamamagitan ng kasaysayan ang talagang kinahantungan ng iglesia, hindi na Niya ito muli pang mapakikinabangan. Ang organisasyon ay itinabi na. Hindi pa naganap sa kasaysayan ng iglesia na matapos itong magtatag ng organisasyon ay may nangyari pa dito kundi ang mamatay na lamang. Ang organisasyon ay namamatay at hindi na nakababangon pang muli kailan man. Hindi n'yo ba nakikita? Kayong mga taong bulag, buksan n'yo ang inyong mga mata. Ang kalikasan at ang Salita ay naglalakip at nagpapatunay na ito nga ang Katotohanan, na ito nga ay totoo: nililisan ng Buhay ang uhay upang mabuo ang palawit; galing sa palawit ay nabubuo ang ipa; at galing sa ipa ay muli itong humahantong sa orihihal na binhi. 142 Pansinin n'yo, hindi na ito muli pang magiging kapakai-pakinabang sa Kaniya.

85 Mas kapansin-pansin ang pagusad ng buhay na ito sa butil ng trigo kaysa sa punong kahoy. Tinawag ng Diyos ang Kaniyang bayan tulad sa isang punong kahoy. Kita n'yo? Ang buhay ay bumababa sa punong kahoy at muling pumapanik, bumababa at pumapanik. Kita n'yo? Bumababa ito at muling pumapanik. Ngunit sa butil ng trigo pumapanik ito mula sa orihinal na uhay paakyat sa tangkay, sa palawit, at sa ipa; at ang dinadaanan nito ay namamatay kaya't hindi na ito makababalik pang muli roon. Ano iyon? Wala na itong pakinabang. Humantong na ito sa kasakdalan. Amen. Hindi n'yo ba nakikita kung bakit hindi Siya gumamit kailan man ng isang organisasyon? Hindi na Siya maaari pang bumalik doon. Patay na iyon. Ngunit ang Buhay ay naililipat mula sa isa patungo sa iba. Kita n'yo? Naglalagay sila ng mga kredo at nagsisingit ng . . . “Sinomang magdagdag ng isang salita o magbawas ng isang salita . . .” Kita n'yo? Nahaharangan na Siya roon. Dapat umusad ang Buhay ng binhi.

86 Ginagamit ko ito ngayon sa isang talinghaga ng Nobya, ang Obramaestrang paparating. May isang Obramaestrang nabuwal; may isang Obramaestrang bumabangon. Ang Obramaestra ay nabuwal sa Nicaea, Rome. Pagkatapos ng Nicaea, Rome, dumaan Siya sa isang proseso; ngunit magbabalik din Siyang muli sa Obramestrang iyon, pinaging sakdal, sapagkat bahagi Siya ng Salitang binigkas Niya. Magkakaroon Siya ng isang Iglesiang walang batik o kulubot. Hindi ito mauugnay sa anumang paraan sa anumang uri ng organisasyon o denominasyon (ang sinumpang bagay). Dumaan ito sa gayong mga bagay, ngunit hindi ito kailanman mapaparoon.

87 Pansinin n'yo. Ang binhi ay tumutubo. Ang Buhay ay pamapanik, hindi umuurong. Hindi na magkakaroon ng pagkabuhay na muli pagkatapos nito. Ang Buhay na ito ay pumapanik patungo sa kasakdalan nito, sa isang pagkabuhay na muli. 146 Pansinin n'yo, ang ipa ay naglabas ng . . . Ang . . . Pansinin n'yo, inilabas ng ipa ang orihinal na binhi mula sa sarili nito. Sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis ay makikita natin ito. Ngayon ay alalahanin n'yo, wala nang iba pang kapanahunan sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia sa Biblia ang naglabas sa Kaniya sa iglesia. Ilan ba ang nakaaalala nito? Dumaan Siya sa kapanahunan ng iglesia upang magpatuloy na gumawa ng ibang bagay. Ngunit ito na nga iyon. Wala nang iba pa. Ngunit ang Iskultor ay nakabalik na sa kasakdalan ngayon, sa Salita. Kita n'yo? Huwag na kayong bumalik pa. Ibang-iba ito. Siyanga. Oh,

88 147at pansinin n'yo. At ang ipa nang ito ay lumitaw kahawig na kahawig ito ng butyl. Ngunit kapag nagsimula nang lisanin ng Buhay ng butil ang ipa

upang buuin ang Butil (Ang Nobya), bumubuka ang ipa at hinihiwalay ang Butil. Tama ba iyan sa kalikasan? Iyang nga talaga ang ginawa Niya. 148 Sa Apocalipsis 3 makikita nating inilabas Siya ng Iglesiang Laodicea. Ngayon, kita n'yo, hindi ito ginawa sa ibang mga kapanahunan, sapagkat may iba pang kailangang mabuo. Dumaan lang ito at nagtungo sa isa pa. Sinabi ko na ito sa inyo dati pa, wala nang darating pang denominasyon. Tayo'y nasa dulo na. At Siya'y pinalabas nila, bakit? Siya na naman ang Salita. Tulad na naman Siya niyaong nahulog noon. Siya rin ang doktrinang lumabas nung pasimula. 149 At nang magsimulang tumubo ang Salitang binhi, ang inilabas Ito ng ipa mula sa sarili nito. Nililisan ng Buhay ang lahat ng iba pa upang sundan ito; iyan ang mga tunay na mananampalataya; sinusundan nila ang Buhay, saan man magtungo ang Buhay.

89 Tulad sa Isarael, isang sakdal na tipo. (Kung mayroon tayong oras . . . Ilang minuto na lang ang mayroon ako.) Ngunit sa sakdal na tipo sa pasimula, saan man magtungo ang Haliging Apoy na iyon ay may Buhay; ang Diyos ang Liwanag na iyon. At hindi mahalaga kung ito'y hatinggabi o kung ito ay sa isang mainam na piling lugar, kapag kumilos ang Haliging Apoy na iyon, ang trumpeta ay tumutunog at sinasabayan ng Israel ang pagkilos Niyon. Aleluia. Nang tumunog ang trumpeta, sinabayan ni Martin Luther ang paglabas Niyon. At nagtatag siya . . . Namatay . . . Hindi siya mismo, ang mga taong sumunod sa kaniya. At inalis doon ng Diyos ang Buhay, hinatid Ito, hinimlay sa libingan. 151 At lumabas naman si Wesley. Nakita niya ang malaking organisasyong iyon, kaya't umihip siya ng trumpeta ng pagpapakabanal, higit na Salita. Kita n'yo? At nang magkagayon, lumabas sila sa kilusan ni Luther patungo sa Methodist. 152 At nang makita ito ng Pentecostes, umihip sila ng trumpeta. Panahon na ng pagbabalik ng mga kaloob. Kita n'yo na kung anong ginawa nila? Umihip sila ng turmpeta, at nagsilabas sila; pagkatapos sila'y nagtatag ng organisasyon. Ngunti alalahanin n'yo, pagkatapos ng ipa ('yan ang tatlong yugtong alam natin) walang nang natitira pa kundi ang Butil. Oh, Diyos. At ang Butil ay nailabas na sa lahat ng mga ito. Amen at amen. Binhi, ang Salita'y nagsisimulang mabuo, at ang Buhay ay nailabas na sa . . . 153 Ngayon ay pansinin. Kung ang Nobyo, nang pasimula, ang unang Nobyo . . . Ito ay ang paglabas ng Nobya.

90 Alalahanin, ang Iglesia ay nagsimula sa Pentecostes, at Ito ay nahulog sa Nicaea. Umusbong ito, hindi pa tulad ng tunay na butil, hindi pa; may bahagi na roon ng Buhay, ngunit ito'y umusbong

upang bumuo ng isang organisasyon. At dumaan Ito sa organisasyong iyon. At ano'ng ginawa nila? Humayo ito, mula sa organisasyong iyon nagtungo ito sa isa pang organisasyon, nagtungo sa ibang yugto ng Salita: pag-aaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? At sa pagdaan nito sa uhay at sa prosesong ito, nadagdagan ito nang nadagdagan. 154 Alalahanin, ang munting polen ay higit na—ang palawit ay mas hawig ng binhi kaysa sa uhay. At ang ipa ay higit na kahawig ng binhi kaysa sa palawit. Ngunit ang binhi mismo ay higit do'n. Kita n'yo? Iyon ay ginamit lang Nito bilang sasakyan upang makalabas do'n.

91 Pansinin n'yo. Ang Nobya . . . Kung ang Nobya nung pasimula ay ang Salita—o ang Nobyo pala; kung gayon, kung ang Nobya ay kinuha mula sa Nobyo, dapat ay Salita rin Ito. Pansinin n'yo. Ang Nobya ay dapat . . . Bakit? Bakit dapat na mapahayag ang Salita, mapalinaw? Dahil ang Nobya at ang Nobya ay Iisa; Siya'y isa lamang pirasong tinapiyas sa Kaniya. Hayan ang Obramaestra. Ito'y hinampas. Nakikita n'yo ba? 156 Hindi na kayang gawin iyong muli ni Michaelangelo; hindi na niya iyon kayang ibalik pa. Ngunit gagawin iyong muli ng Diyos. Ibabalik Niya ang munting tinapiyas na Nobyang ito pabalik sa tagiliran ng orihinal sa Salita. At hayan na nga Ito; hayan na ang Obramaestra, ang pamilya ay nakabalik nang muli sa halamanan ng Eden.

92 Papaano itong magagawa ng Nobya? Papaano itong mgagawa ng Trigo? Sinabi ng Malakias 4 na sa huling mga araw ito ay maipanunumbalik. Ano? Ipapanumbalik tulad ng sa pasimula, isasauli. "Aking isasauli, ang sabi ng Panginoon, ang lahat ng taong kinain ng tipaklong, ng baling, at ng lahat ng mga bagay na ito. Isasauli Kong muli." 158 Sinabi ng Malakias 4 na panunumbalikin Niya ang mga puso ng mga tao, at ang pananampalataya nila sa orihinal na mga magulang. Kita n'yo? Nakikita natin ito sa ating harapan mismo, Iglisia. Nasaan na tayo?

93 Ngayon, magtatapos na ako sa loob ng ilang sandali. Nais kong pansinin n'yong maigi ang isang bagay na kapangyayari lamang. Magpapanumbalik ang Malakias 4, magsasauli sa orihinal. Siya ay tinapiyas mula sa iglesia, mula sa katawan ng iglesia, hinampas siyang kasama ng kaniyang Panginoon dahil sa iisang layunin (Siya ang Salita.), tulad din ng pagkahiwalay ni Jose sa kaniyang mga kapatid, sapagkat siya ang Salita. 160 At si Jesus ay inihiwalay rin mula sa Kaniyang mga kapatid, sapagkat Siya ang Salita. Ang iglesia ay hinampas—ang Nobya ay tinapiyas mula sa iglesia, sapagkat Siya ang Salita. Hayan na naman ang mga yugto: isa, dalawa, tatlo. Kita n'yo? Tamang-tama.

94 Ang Salita, buhay at kumikilos, ang Nobyang ayon sa Biblia, hindi kung sinong Nobyang gawa ng tao, ang Nobyang ayon sa Biblia, ay sinaktan at dinalamhati ng Diyos, walang kagandahang sukat na pakanasahin natin Siya, ngunit binilang natin Siyang sinaktan at dinalamhati ng Diyos. Tama. 162 Nakatayo Siyang mag-isa. Inihiwalay Siya mula sa lahat ng denominasyon ayon sa Apocalipsis 3. Hinampas Siya palabas ng kapanahunan ng iglesiang Laodicea kung saan Siya'y inalagaan. Ang iglesiang ito ay inalagaan sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea. Iyan ang ipa. Ngunit kung ang iba ay nagtungo sa . . . Hindi n'yo ba 'yan makita mga kalalakihang Pentecostal? Kung ang iba ay ipa at namatay, kung ang ibang uhay na iyon ay kinailangang mamatay, kung kinailangang mamatay ng palawit, gayon din ang ipa; ang tatlong yugto ng organisasyon. 163 At alalahanin n'yo . . . Ang sabi n'yo, "Buweno, marami pa ring nakasabit na mga palawit; marami pa ring ganito." Siyanga. May mga Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, Church of Christ, lahat na ng iba pang mga bagay na kumapit dito, mga dahon at lahat na na nakasabit pa rin dito; ngunit ang orihinal ay ang repormasyon. Ngayon. Kita n'yo?

95 Nakatayong mag-isa, tulad ng Nobyo, itinakwil ng mga tao, hinamak at tinanggihan ng mga iglesia. Ang Nobya ay nakatayong tulad niyan. Ano ito? Ito ang Kaniyang Obramaestra. Kita n'yo? Sa Salita Siya maaaring makakilos, makapagpamalas—tinanggihan. 165 Kaya't ang uhay, ang palawit, at ipa ay hindi magiging Binhi (Hindi.), ngunit unti-unting nahahawig sa Binhi sa mga panahong lumipas. Ngayon, sa panahon ng pag-aani ang Binhi ay nakabalik na sa orihinal na Buhay nito, nakabalik na sa Biblia. 166 Sinabi ng Malakias 4 na ito ay hahantong sa gayon. Ay, ay naku. Kailangan lahat . . . Upang magkaganito kinakailangan nitong taglayin ang lahat ng Salita. Tama ba?

96 Ngayon, ano'ng sinabi Niyang magaganap sa Apocalipsis 10? Bakit pinapunta ako sa Tucson? Upang buksan sa Iglesia . . . Sa mga kaarawan ng mensahero ng ikapitong anghel (sa Mensahe ng ikapitong anghel) ang buong Salita ng Diyos ay maihahayag. Ang tatak na iniwan ng buong uhay, at ang bakit, at lahat ng tungkol dito, ay maihahayag sa panahong ito. Iyan ba ang sinabi ng Salita? Kung gayon ay nakikita na natin. Kung gayon nasaan na tayo? Kita n'yo? Nasaan na nga ba tayo? Isa na lang ang dapat maganap. Narito na pag-aani. Hinog na hinog na Siya. Handa na Siya ngayon para sa pagdating. Pansinin n'yo.

97 Hindi, hinding-hindi ito mangyayari. Ang . . . Sa panahon ng pag-aani ang Binhi ay naibalik na sa orihinal nitong kalagayan, at kinakailangang taglayin ang lahat ng Salita upang maging ito na nga ang Binhi. Ngayon, hindi maaaring kalahating binhi lang ang mayroon ka; hindi ito tutubo. Kita n'yo? Kailangan buong Binhi. Kinakailangang itong mahayag hindi sa pagsasabing, "Naniniwala ako sa bautismo ng Espritu Santo. Alleluia. Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba't ibang wika." Bahagi lang iyan ng Binhi. A-ha. Ngunit ngayon, may nadagdag na diyan (Aleluia. Kita n'yo?), ang Buhay, hindi ang mga kaloob, ang Buhay ng mga kaloob. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Tayo ay nasa huling panahon na, mga kapatid. 169 Ang uhay, palawit, at ipa ay patay at natuyo na. Iisang bagay na lang ang kailangang sapitin niyan, ang matipon sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia upang sunugin.

98 Ang Salita ay naging laman, tulad na tulad ng ipinangako Niya sa Lucas 17, at Malakias 4, at iba pa. Kita n'yo? Tama. Apocalipsis . . . 171 Lahat ng totoong Buhay na dating nasa uhay, nasa palawit, at nasa ipa ay naipon na ngayon sa Binhi, handa na para sa pagkabuhay na muli, handa na para sa pag-aani. Ang Alpha ay naging Omega. Ang una ay naging huli; at ang huli ay naging una. Ang Binhing pumasok ay dumaas sa isang proseso at muling naging Binhi. Ang Binhing nahulog sa halamanan ng Eden at namatay roon ay nagbalik mula sa di-sakdal na binhing namatay doon, nagbalik ito sa Sakdal na Binhi—ang Ikalawang Adan.

99 Ang unang Evang nahulog, at nagamit sa ikalawang repormasyon— ikalawang pagparito, tulad sa pagluluwal ng isang bata, ngayon ay naging tunay nang Nobyang muli, ang Binhi, nagbalik na muli sa piling ng Orihinal na Salita. Ang Alpha at ang Omega ay iisa. Ang sabi Niya, "Ako ang Alpha at ang Omega." Hindi Siya nagsabi ng anuman sa pagitan, "Ako ang Alpha at ang Omega, ang Una at ang Huli." Hayan na nga. 173 Ang unang ministeryo at ang huling ministeryo ay iisa. Ang una at ang huling

Mensahe ay iisa. "Dati Akong nasa Alpha; Ako'y nasa Omega." "Magkakaroon ng araw na hindi matatawag na araw o gabi, ngunit sa panahon ng gabi ay magkakaroon ng Liwanag." Kita n'yo? Alpha at Omega; naging una ito at huli. Ay, naku, mga kapatid, maaari tayong manatili riyan ng maraming oras.

100 Ang dakilang obramaestra ng isang pamilya, ang Ikalawang Adan at Ikalawang Eva ay handa na para sa hardin, sa milenyo (Amen.) pabalik sa lupa. Alleluia. Hindi sila iniwan ng Dakilang Iskultor na nakalugmok doon.

Gumugol Siya ng panahon tulad ng ginawa Niya sa loob ng milyun-milyong taon ng pagbuo ng unang sakdal na mag-asawa. At sila ay nahulog. Ngayon, libu-libo nang taon ang nakalipas; bumuo Siyang muli; at ngayon, naririto na sila't nahahanda na. Ang Obramaestra ay dumating at binuwal. Mula sa Kaniyang tagiliran ay lumabas ang isang katuwang. At siya'y binuo sa gayon ding proseso. Ngayon, naririto siya't nakabalik na kasama ng buong kalikasan, ng Biblia, at lahat ng iba pa na nagpapakitang naririto na tayo. 175 Nations are breaking; Israel's awak'ning, The signs that the Bible foretold; Gentile days numbered, (Tignan n'yo ang bungkos ng basurang mayroon tayo ngayon.) With horrors encumbered, Return, O dispersed, to your own. (Tama. Makabubuting pumasok ka ng mabilis kung ikaw ay sasama.) I'm fixing to close just in about five minutes or ten.

101 Pansinin n'yo ang dakilang Obramaestra ng pamilya. Ang asawang lalaki at babae ay hindi maaaring maging isang tunay na pamilya malibang sila'y nagkakaisa. Kailangan nilang magkagayon. Kung hindi, hindi sila mabuting pamilya. Ang asawang babae'y humahatak sa isang direksyon ang lalaki naman ay isa iba, napakapangit na pamilya ang bubuuin niyan. Ngunit kung magkakasundo ang isa't isa sa pamamagitan ng pag-ibig, iyan ang pamilya. At ngayon, iyan ang obramaestra ng Diyos; at lahat ng tunay na pamilyang naririto ay nagpapakita niyan. Kita n'yo? At ngayon, ang obramaestrang pamilya ay nagbalik na muli: si Cristo at ang Nobya ay hand nang dumating. Ang Ikalawang Adan, Ikalawang Eva, ay nahahanda nang magbalik sa kanilang tahanan. Ang buong larawan ay naging patungkol sa katubusan, mula sa pinanggalingan, pagbabalik do'n (Kita n'yo?), tamang-tama, nagbabalik doong muli. Matapos na . . .

102 Nung isang araw nakatayo ako sa Christian Business Men . . . Marami sa inyo, sa wari ko, ay naroroon. Nang marinig ko ang paring Lutheran na iyon (o mangangaral, gayon daw siya) na tumayo at nagsabi ng walang kabuluhang bagay, at pinagtatawanan ang ating paniniwala . . . Inimbita ng mga Full Gospel Business Men ang lalaking iyon, pagkatapos ay naghayag siya ng gayon . . . Nakabaliktad ang kaniyang kuwelyo. Marami na ngayon ang gumagawa niyan. Ang sabi niya, "Ngayon, tinatanong ako ng mga tao kung bakit pinabaligtad ko ang aking kuwelyo." Ang sabi nila, "Papaano nila matutukoy na hindi ka isang paring Catolico." Aniya, "Walang kaibahan, at hindi dapat magkaroon." Aniya pa, "Mga anak tayong lahat ng

Diyos.‟ Ang sabi niya, ″May kilala akong isang paring omnipresent (Kita n'yo?), na kayang mapasa lahat ng dako.‟

103 Ngayon, hindi ka maaaring maging omnipresent nang hindi ka omniscient. Ni hindi nga omnipresent ang Diyos; ang Diyos ay omniscient. Omniscient na nangangahulugang—na siyang dahilan kaya Siya omnipresent (Alam Niya ang lahat ng bagay). Ngunit upang maging isang Persona kailangan Niyang mapasa sa isang Persona. Ngunit dahil omniscient Siya maaarin Siyang maging omnipresent, sapagkat alam Niya ang lahat ng bagay, at alam na Niya ito bagp pa . . . Alam na Niya bago pa nagsimula ang sanlibutan kung gaano karami ang mga pulgas, kuto, kung gaano karami ang surot, at kung ilang beses nilang ipipikit ang kanilang mga mata, at lahat ng tungkol dito (Kita n'yo?), sapagkat Siya'y omnipresent. At hindi ka maaaring maging omniscient nang hindi ka walang hanggan. Kita n'yo? Iisa lang ang walang hanggan: ang Diyos. AmeN! At pagkatapos tayo . . .

104 Ano ito? Ang diablo iyon, na nagdadala sa kanila sa katayan, ang bawat isa sa kanila ay papasok sa . . . Iyan nga ang sabi ng Biblia. At heto na nga. Kita n'yo, nakihalubilo sa kalagitnaan ng mga Pentecostal at hinatak sila tuloy-tuloy sa, tulad ng . . . Anong samang panahon nito. 180 Oh, pagkatapos ng patotoong iyon, may nagsabi sa akin . . . A—Ako'y . . . Mabuit hindi ako masyadong nagsalita, dahil baka ipinakulong nila ako roon; ngunit naisip ko lang, "Hayan na nga." Ang mga taong natuturuan ay may alam. "Makikilala ng mga pantas ang kanilang Diyos sa araw na iyon," ang sabi sa Daniel. Opo. Kita n'yo? Makikilala ng mga pantas ang kanilang Diyos; nagmamatiyag sila sa mga bagay na ito. 181 Ngunit nang makita kong nangyari iyon, at kasama niyang nakatayo roon ang mga Pentecostal . . . Maging si Oral Roberts ay tumingin sa akin nang ganiyan. Ang sabi ko, "Aay, naku." Umm. 182 Ngunit nakatayo siya roon na taglay ang pinag-aralan, at pino, alam n'yo na, at iba pa. Hindi gano'n pinipino ng Diyos ang sa Kaniya. Hindi Niya pinipino ang sa Kaniya sa pamamagitan ng edukasyon; pinipino Niya ito sa pagpapakumbaba at kapangyarihan ng Kaniyang naipamalas na Salita, ipinapakita ang hugis ng Butil na pinanggalingan nito.

105 Ngayon, may nagsabi sa akin, aniya, "Brother Branham," ika, "may isang bagay na hindi ko maintindihan sa iyo." Ang sabi ko, "Ano iyon?" 184 Nakatayo kami sa isang bulwagan . . . Sa wari ko sina Sister Dauch at iba pa sa kanila, matapos kong makipagkamay kay Bill, ay nakatayo roon pati na

ang iba, at pumihit ako sa isang sulok; may nag-uumpukang mga tao. Isang ministro ang nakipaggitgitan, nakabaliktad ang kuwelyo, ang sabi niya, "Bakit ba palagi mo na lang binubulyawan ang mga tao?" Ang sabi niya, "Ang mga taong iyan ay naniniwalang lingkod ka ng Diyos, dapat kang maging mahinahon at magiliw sa kanila at lahat na." Ang sabi niya, "Sa tuwing naririnig kitang tumatayo, palagi mo na lang binubulyawan ang mga kababaihan tungkol sa kanilang maiiksing buhok, at tungkol sa pagsusuot ng shorts, at pagmemakeup, at lahat ng iba pang bagay, at sinisigawan mo ang mga tao at sinasabihan kung gaano sila kalamig, kapormal, at kawalang pakialam." Aniya pa, "Bakit mo ginagaw iyon?" Ang sabi niya, "Mahal ka ng mga taong iyon. Papaano mo nagagawa ang gayon bilang isang mapagmahal na anak ng Diyos?" 185 Naisip ko, "Panginoon, itulot Mong masagot ko ang matalinong lalaking ito. (Kita n'yo?) Hayaan mo lang na masagot ko siya sa lugar na kung saa'y mabibigti siya sa sarili niyang lubid." Ang sabi ko, "Buweno . . ." Ang sabi ko, "Ginoo, nabasa mo na ba ang tungkol sa dakilang manlilikha ng awitin na ang ngalan ay—ang dakilang kompositor na ang ngala'y Beethoven?" Ang sabi niya, "Aba, oo, nababasa ko ang tungkol kay Beethoven." Ang sabi ko, "Marahil ay isang basurahan ng pira-pirasong papel ang napunit niya, ngunit binigyan niya ang mundo ng mga obramaestra." Tinikom niya ang kaniyang bibig at di na umusal ng isa pang salita. Ang sabi ko, "Habang nakaupo siya sa kaniyang kuwartong pinag-aaralan sa ilalim ng inspirasyon, magsusulat siya ng isang bagay. Papasok siya sa kaniyang kuwartong pinag-aaralan at mananalangin. Kapag hindi tama ang naisulat niya, ito'y lulukutin niya at itatapon sa basurahan. Ngunit pag natapos na siya na nasa ganap na inspirasyon, may obramaestra na ang mundo." Oh, gano'n na lang kung makasugat ang Salita, ngunit nagbubunga ito ng mga obrameastra, tinatanggal nito lahat ng ipa at uhay. Naglalabas ito ng Obramaestra.

106 May pitong minuto ako upang sabihin sa inyo ang isang bagay na naganap nung makalawa para makalabas tayo sa tamang oras. Ika-3 ng Hulyo, nakaupo ako sa pamilihan (sa shopping center, di kalayuan dito sa atin). Nakarating na ako sa Pigalle sa Rome—sa France, at nakarating na ako sa New York City, sa Los Angeles; ngunit ang pinamahalay na bungkos ng kababaihan na nakita ko sa tanang buhay ko ay nasa Jeffersonville, Indiana. Hindi pa ako nakakita ng gano'n katinding karumihan at kalaswaan sa tanang buhay ko tulad ng nakita ko sa mga taong iyon. Umupo ako roon hanggang sa kumirot ang aking puso, at pinagkalooban ako ng pangitain ng Panginoon. Ngayon, sasabihin ko ang

pangitain. Hindi ko alam kung maipapaliwanag ko, ngunit sasabihin ko ito sa unang pagkakataon.

107 Nawala ako sa aking ulirat. At nang mangyari iyon, bigla na lang may kasama ako, hindi ko nakita kung sino iyon. Isang tinig lang iyon. At lumingon ako. At lumingon ako sa gawing ito, ang sabi niya, "Ang Nobya ay lilitaw para sa isang prebyu (preview)." At papalapit sa akin, nasilayan ko ang pinakamagandang lupon ng mga kababaihan na nakadamit nang malinis sa tanang buhay ko. Ngunit ang bawat isa sa kanila ay para bang iba't iba ang bihis. Lahat sila ay may mahabang buhok, at sila ay . . . mahahaba ang manggas ng kanilang damit pati ang kanilang mga palda at iba pa, mga bata pang kababaihan . . . Tila mga, marahil ay bente anyos sila. 188 Ngayon, bukas ang Biblia sa harapan ko. Kita n'yo? Ang masasabi ko lang ay ang nakita ko. Kung sasabihin mo, "Anong tinitignan mo?" Tinitignan ko ang orasan. "Anong inaabangan mo?" Nag-aabang ako sa mga tao—nakatingin ako sa mga tao. "Anong tinitignan mo?" Tinitignan ko ang Biblia. Iyan ang . . . Sinasabi ko ang katotohanan; 'yan ang nakikita ko. At ang masasabi ko lang ay kung anong nakita ko. Hindi ko alam kung anong kahulugan nito, kailangan ko lang sabihin sa inyo.

108 Ngunit nang ang Nobyang ito . . . Nakatingin siya sa . . . (Ang nangungusap sa akin at ako ay magkatabing nakatayo.) Ang mga niya'y . . . Siya ang pinakamalinis, pinakamagiliw kung pagmasdang mga taong nakita ko sa tanang buhay ko. Tila mga isang dosena sila o higit pa, basta't . . . Hindi ko alam kung ilan ang magkakatabi, ngunit isang lupon sila. At dumaan siya, magiliw ang kaniyang dating, at ang mga mata niya ay nakatingin paitaas, nagmamatiyag sa Kaniyang pagdaan. Oh, napakaganda Niya. Tinignan ko Siya. At habang dumaraan Siya, ang sabi sa'kin ng tinig, "Ngayon, magbabalik tanaw tayo . . ." Ang sabi nya, "Iyon ang Nobya. Ngayon, magbabalik tanaw tayo sa mga iglesia." At nagsidating sila. Napansin kong papalapit sila, bawat isa'y tila ba palala nang palala. Hindi pa ako nakakita ng gano'n kalaswang lupon sa tanang buhay ko. At ang sabihin niya, "Ang kasunod . . ." Nakarinig ako ng ingay. At ang sabi, "Ang kasunod," aniya pa, "heto na ang lupon ng mga Amerikana."

109 Ngayon, isa akong Amerikano, ngunit sadyang pinasama nito ang aking pakiramdam. Hindi sapat ang husay ng pagsasalita ko, sa isang halo-halong tagapakinig, upang masabi ko kung anong nangyari; a—a—ako'y . . . Kinakailangan n'yong magbasa sa pagitan ng mga linya. Ngunit nang papalapit ang mga babaeng iyon, ang nasa unahan nila ay isang buruka. Napakahaba ng kaniyang ilong at napakalaki ng bibig. At lahat sila ay

nakabihis ng isang uri ng damit pang-ibaba, ngunit ang itaas ay may maliit lamang na tali, mga kalahating pulgada ang lapad na pinagapang paitaas at pinaikot sa kanilang katawan. At bawat isa sa kanila ay gano'n ang bihis . . . Marami sa inyo, maraming taon na ang nakalilipas, gawi n'yong . . . Naaalala n'yo ba, dati-rati'y gumugupit tayo ng papel, alam n'yo na, ng diyaryo, at gumagawa tayo ng isang pom-pom? 191 Ilan ang nakaaalala no'n? Alam n'yo iyon. Aba'y, palagay ko'y ginagamit n'yo iyon dati sa mga karnabal, di ba. Nakalaylay na ganiyan, papel na ginawang palawit, mga palawit na papel.

May nakabitin sa ibaba nila, na ganiyan, nakabita sa ibaba nila. Lahat ng bahaging ito ay nakalantad. At ang buhok ng bawat isa sa kanila ay maiksing-maiksi ang pagkakagupit, at may kung anong kulot na kulot na bagay na nakakalat sa mga iyon, napakaiiksi ng buhok, at punong-puno ng makeup: talaga namang parang mga babaeng bayaran sa kalye. At lumalakad sila na suot ang papel na ito. At napakalaswa . . . Ngayon, ang papel na iyon ang nakatakip sa kanilang harapan; ngunit nang sila'y makalampas na sa kinatatayuan namin, ang likuran nila'y . . . At ang makita ang harapan nila at likuran sa kanilang paglakad, at kung papaano sila umaasta . . . Naisip ko, "Iyan ba ang iglesia?"

110 At humayo siya. At kumakanta sila nitong mga twist-and-roll na mga awitin, alam n'yo na, kung anuman ang tawag n'yo rito, lumalakad, tila kumakanta, nagpatuloy sila likuran namin . . . Ang sabi ko, "Iyan ba ang iglesia?" At nakatayo ako roon. At sa puso ko ako'y naiyak. At ang burukang ito . . . Sa paniwala ko ito'y walang iba kundi ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia na pinangungunahan sila sa daang patungo sa kaniyang pupuntahan. Lumihis sila sa kaliwa at nawala sa labis na kaguluhan, tinutugtog pa rin ang musikang ito at lumilikha ng mga tunog na lubhang kakatuwa, nagpapakembot-kembot, nagwawalang ganiyan, sa kaniyang paglalakad.

111 At payuko pa lang ako nang sabihin niya, "Sandali lang, ang Nobya ay kailangang magbalik." At lumingon ako, at narito na naman sila. At dumaan sila, kaaya-ayang pagmasdan na mga kababaihan. Lahat sila'y nakatingin sa akin sa kanilang pagdaan. At napansin kong iba-iba ang suot ng bawat isa sa kanila. At ang isa ay nakakulot na paganito ang mahabang buhok sa kaniyang likuran, marahil isa siyang Aleman o parang gano'n. At pinagmasdan ko sila. At sa kanilang pag-alis, may dalawa o tatlo sa kanil sa likuran ang nalihis sa hanay. At sisigawan ko na sila nang magbalik sila sa hanay. At nakita ko sila—ang pangitain ay naglaho at nabago sa akin.

112 Ngayon, narito ang interpretasyon niyon: Ang dahilan . . . Ngayon, pakatandaan n'yo. Katatapos ko lang magsulat . . . Hindi ko pa nga natatapos;

hindi ko pa nga naisusulat ang mga tala kong ito. Ngunit sa pangangaral kaninang umaga, nakuha ko kung ano iyon sa sermon ko mismo. Napansin n'yo ba, ang iglesia ay nagpakita lamang . . . Ngayon, iyan ang katotohan, mga kaibigan. Nalalaman ng makalangit na Amang sumulat ng Salita, na nagsasabi ako ng katotohanan. Kita n'yo? Alam ko—sinasabi ko lang ang katotohanan. At kani-kanina ko lang iyon nalaman, tila ba o nito lang . . . Kita n'yo? Napansin n'yo bang ang Nobya ay nagpakita ng dalawang beses? Ang unang Binhi at ang Ikalawang Binhi, parehong-pareho sila. At kaya magkakaiba ang kanilang damit ay dahil manggagaling sila sa lahat ng mga bansa; ito ang bubuo sa Nobya. Ang bawat isa ay may mahabang buhok at walang makeup, at tunay na magagandang babae. At nakatingin sila sa akin. Kinakatawan nila ang Nobyang magmumula sa lahat ng mga bansa. Kita n'yo? Siya'y . . . Bawat isa sa kanila ay kumakatawan sa isang bansa, habang sila'y nagmamartsa nang ayon na ayon sa Salita. Kita n'yo?

113 At kailangan kong matiyagan Siya. Malilihis Siya sa Salita kung hindi ako magmamatiyag, sa kaniyang pagdaan, kung siya'y daraan. Marahil iyon ang magiging katapusan ko (Kita n'yo?), kapag natapos na ako, o kung anuman. 196 Masdan n'yo. Bumabalik sila, nagsisikap sa abot ng makakaya nila. Bumabalik sila; humahanay silang muli, dahil iba ang tinitignan nila, minamasdan nila ang iglesiang kaaalis lang na nagtungo sa labis na kaguluhan. Ngunit dalawa . . . Ang mga nasa unahan ay hindi nalihis. Ang mga nasa likuran—mga dalawa o tatlo lang sa kanila, ang medyo nalihis nang kaunti pakanan, at parang nagsisikap silang magbalik sa hanay habang sila'y dumaraan. Dinaanan nila ako, oh, ang layo nila sa akin ay mula rito hanggang sa dingding, nang daanan nila ako. Nakatayo ako roon. At pagkatapos ay nakita ko na lang silang lahat na lumabas at umalis. 197 Ngunit pansinin n'yo, isang beses lang nagpakita ang iglesia, bawat bansa, ang iglesia. Ngunit ang Nobya ay dumating ng dalawang beses. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba kung ano iyon? Ngayon, di ko alam iyon, ngunit tignan n'yo iyon sa pamamagitan ng mensahe ko kaninang umaga, hindi ko pa alam iyon. Kita n'yo?

114 Ang Binhi ay nahulog sa lupa sa Nicaea. Iyon ang orihinal na binhi. At Siya'y dumaan sa proseso ng mga denominasyong ito na minsan lamang lumabas. Ngunit ang Nobya ay magbabalik muli sa huling mga araw: "Aking panunumbalikin." Kita n'yo? Ang Obramaestra ay naitayo na. Iyan ang dahilan kaya't nakita Siya muli sa ikalawang pagkakataon. Nakita Siya sa unang pagkakataon; at nakita Siya muli sa ikalawang pagkakataon. At kung papaano Siya nung una parehong-pareho rin Siya nung ikalawang

pagkakataon. Oh, Diyos, mahabag ka po. Magmadali Ka. Buhay, pumasok Ka na nang mabilis sa Butil.

115 Lahat ng iba pa ay hindi na lumitaw pang muli. Lumabas sila at hindi na nagpakita pang muli. Ngunit ang Nobya ay nagbalik, 'pagkat Siya ang Alpha at ang Omega. Ang Diyos, na Dakilang Iskultor, ay gumawa ng Kaniyang Obramaestra, sapagkat Ito ay bahagi ng Kaniyang unang Obramaestra. Tulad niyaong ginawa Niya sa halamanan ng Eden at kinuhanan Niya ng kapiraso at gumawa ng ibang piraso, at iyon ay nasira at nahulog; ngayon ay itinatayo Niya itong muli sa mga panahong ito. At inilabas Niya ang Kaniyang Obramaestra, at ito'y hinampas upang sa pamamagitan ng bahaging iyon na tinapyas ay maibalik muli ang Obramaestra. 199 Kaya ang Obramaestra at ang Anak ng Diyos—ang Obramaestra at

ang Nobya . . . At ito'y kabahagi Niya, na dapat maging katuparan ng Salita. Ang Salita ay natupad na, at nahahanda na tayo sa pagbabalik ng Panginoon.

116 Oh, Iglesia ng buhay na Diyos, iyukod n'yo ang inyong mga puso at maging ang inyong mga sarili sa harapan ng Diyos. Ang mga bagay na ito ay totoo. Alam kong bagama't tila napakadakila nito, ito ay mangilan-ngilan lang sa lahat ng mga bansa; hindi ito kalian man nagkagayon. Hindi Siya nagbabag ng Kanyang gaw. 201 Magpasalamat lang kayo, Iglesia, magpasalamat kayo na kayo ay nasa kinaroroonan n'yo sa araw na ito kay Cristo. Sapagkat, kita n'yo . . . Ngayon . . . At nang . . . Pakatandaan, ang kabuuan ng Buhay na iyon ay matitipon sa Butil para sa pagkabuhay na muli, ngunit ang uhay ay kailangang sunugin, at iba pang bahagi nito. Ang ipa at iba pa ay kailangang mawasak, at magkakagayon nga. 202 Huwag kayong magtiwala sa mga denominasyong iyan. Manatili kayo sa Salita, sa Buhay, sa Diyos at sa Kanyang Obramaestra. At anong mangyayari sa milenyo? Si Cristo at ang Kaniyang Nobya ay magkasamang muli sa hardin ng milenyo. Amen. 203 Mahal Siya, mahal Siya, 'Pagkat minahal Niya ako, Nagbayad ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

117 Doon Siya hinampas. Ibinilang natin Siyang hinampas, sinaktan ng Diyos at dinalamhati. Ngunit Siya ay nasugatan dahi sa ating mga pagsalangsang, Siya ay binugbog dahil sa ating mga kasalanan. Mayroon ba rito ngayong umaga na wala pa sa butil na iyon? At habang hinahatak ng Buhay ang huling bahagi nito mula sa ipa, sapagkat ang ipa ay

namamatay na . . . Ilan ba ang nakaaalam na namamatay na ang iglesiang Pentecostal? Ano ito? Nililisan na ito ng Buhay. Sa tahasan, umalis na ito. At kung ang Nobya ay nakita na sa prebyu (preview), iniisip ko kung hindi pa nabubuo ang Nobya. Mahal Siya, Mahal Siya, 'Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

118 Habang nakayuko tayo ngayon, mayroon ba ritong nais na maalala? Kung ang pakiramdam mo ay hindi ka . . . Mga kaibigan, napakalinaw nito. Hindi pa ako nagkaroon ng pangitain sa buhay ko na hindi nasusundan ng isang pangyayari. Nagsasabi ako ng katotohanan. Sa lahat ng iba pang pagkakataon na nagsabi ako ng katotohanan, pinatunayan ito ng Diyos, at nagsasabi ako ng katotohanan ngayon. 206 Hindi ko alam kung anong panahon na ang kinabubuhayan natin, ngunit alam kong wala nang natitira pa. Walang pulitikong maaaring lumitaw na makapagtutuwid ng bagay na ito: ang pulitika, ang bansa'y wala na. At ang mga iglesia? Sa aking pananaw, ang Pentecostes ang pinakamainam nilang tinaglay; ngunit wala na ito. Oh, Diyos, mahabag Ka sa amin.

119 Kung hindi n'yo pa Siya kilala, namamanhik akong magmadali na kayo. Kung nakadarama kayo ng Buhay, lisanin n'yo na ang inyong kasalanan, lisanin n'yo na ang bagay na inyong kinaroroonan, magtungo na kayo sa Butil nang mabilis. Mamamatay kayo sa uhay o sa ipa. Manalangin tayo ngayon habang tayo'y umaawit. Mahal Siya, . . . Nasa sa inyo na ngayon. Wala kaming denominasyon, o anuman; si Cristo lang ang nasa amin. Malayo kayong makapananambahan sa Kaniya—na kasama namin hanggang sa muli Niyang pagbabalik. Hindi namin maaaring ilagay ang inyong pangalan sa Aklat; wala kaming anumang aklat. Nais naming mailagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay. Maaari lamang mangyari iya sa pamamagitan ng kapanganakan. Handa n'yo bang gawin iyon ngayon? Humiling kayo kay Cristo ng bagong buhay, ipasok kayo, at ilagay ang inyong pangalan sa Kaniyang Aklat kung wala pa ito roon. Kung gayon ay maaari na kayong makisama sa amin. Matutuwa kaming makasama kayo. Mahal Siya . . .

120 Mahal na Diyos, tulugan Mo po ang bawat tao na makapagimbentaryo, tignan kung kami'y nasa Kaniya na. Inibig Mo kami. Sinaktan Ka para sa amin. At itinuring naming Ikaw ay sinaktan at dinalamhati ng Diyos. Idinadalangin ko, Diyos, na tawagin Mo ang bawat isa. Panginoon, mangusap Ka sa aking mga anak, sa aking mga mahal sa buhay, at sa aking mga kaibigan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sa sandaling ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. 209 Huwag Mo pong paghintayin nang matagal ang sinuman, Panginoon. Tila napakalapit na. Tunay ngang hinog na ang aanihin. Ang dakilang pang-ani ng Diyos ay dadaan sa buong lupain isa sa mga araw na ito; ang mga dayami ay magliliparan; ngunit ang Trigo ay matitipon sa bangan, iaakyat, sapagkat sa loob Nito ay may Buhay. Itulot Mo po, Panginonn, na ang bawat kahilingan ay matugunan, ang bawat panalangin ay malantad sa Iyong harapan. 210 Idinadalangin ko sila, Panginoon. Idinadalangin kong huwag mong itulot na mapahamak ang sinuman sa mga naririto, Panginoon. Sila'y naupo sa ilalim ng mahirap na . . . Bumiyahe sila nang daan-daang milya. At ipagkaloob N'yo po sa amin anumang pangangailangan namin, Panginoon, anumang mabuti para sa amin, Panginoon, hindi ang mabuti sa aming paningin, kungi kung anong mabuti sa Iyong paningin. Nais naming tumayo bilang isang malinis na birhen na dinalisay, sinaway ng Diyos, upang kami ay malinisan sa aming mga kasalanan. At iniaalay ko ang aking panalangin para sa kanila, Panginoon.

121 Hindi ko alam kung papaanong manalangin. Kami'y nakikipag-usap sa Makapangyarihang Diyos, at sinong tao, sinong mortal ang makapapanalangin ng tamang dalangin sa harapan ng buhay na Diyos? Ngunit, Panginoon, ang salita kong mali ang pagkakabigkas at ang aking mga panggalan at panghalip na wala sa tamang lugar, kung nagawa mong kunin ang a-b-c ng isang munting bata minsan at nakagawa Ka ng pangungusap, maaari Mo ring tanggalin ang aking mga panggalan at panghalip at tumingin na lang

sa kung anong sinasampalatayanan ko, Panginoon. Sumasampalatay ako sa Iyo. Sumasampalataya ako sa Salitang ito. At ako ay naniniwala para sa bawat isang naririto. At dinadala ko sila sa altar na iyon, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya, kung saan nasa pagitan namin ni Jehova ang Dugo ng Kaniyang Anak na si Jesus. At ang Dugo ay mangungusap para sa amin. Nang hampasin Mo Siya sa Kalbaryo, sinabi Mo, "Magsalita Ka. Dinggin Mo Siya." At ang Dugo, ayon sa Biblia, ay nangungusap ng higit na maiinam na bagay kaysa sa dugo ng kordero nung Lumang Tipan; sapagkat ang Dugo ni Cristo ay nangungusap ng higit na mainam na mga bagay kaysa sa dugo ni

Abel. At mangusap Ka po, Panginoon, ng katubusan para sa amin habang kami ay nanawagan sa pamamagitan ng Dugo.

122 Dakilang Ama ng Buhay, ipagsama Mo po kami, Panginoon. Kung nagkasala kami, alisin mo po iyon sa amin. Ayaw naming magkagayon, Panginoon. Hindi po namin intesyon iyon. At napagtatanto naming nabubuhay kami sa isang lubhang madilim na daan. Tuald ng sinabi namin sa pasimula, umaakyat kami sa isang bundok, padaan sa mga bako-bakong dako; madilim ang landas; ngunit dala-dala namin ang Liwanag. Nawa ay makita namin ito sa bawat paghakbang namin sa aming paghayo, hanggang sa magkita tayo, tulad sa "Pilgrim's Progress," hanggang sa wakas ay maabot namin ang tuktok ng bundok. Gabayan Mo po kami, O Pastol. Dakilang Jehova, pangunahan Mo po kami ng Iyong Espiritu. 213 At alam naming malayo pa kami sa pagiging obramaestra, ngunit nakatingin kami sa pinagtapiyasan sa amin, sa tunay na Obramaestra, at sa Kaniya kami umaasa. Ihatid Mo po kami sa Kaniya, Panginoon. Itulot Mo po ito, Panginoon.

123 Pagalingin Mo po ang lahat ng maysakit na naririto, Panginoon. Ibinilang naming sinaktan Siya at dinalamhati. Ngunit Siya ay nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang. Ang Obramaestra ng Diyos ay sinaktan. At Siya ay nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang; sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling kami. Pagalingin Mo po ang maysakit, Panginoon, na nasa Iyong Banal na Presensiya ngayon, habang nalalaman naming Ikaw ay naririto. 215 Linisan Mo po ang aming mga kaluluwa, ang aming mga puso ng masasamang kaisipan, lahat ng masasamang pananalita; lahat ng bagay na mali, linisin Mo po kami. At idinadalangin namin, Ama, na Iyong pagalingin ang aming karamdaman, at itulot Mong lumisan kami rito na nadaramang kami ang Iyong mga pinabanal na anak. At habang nakasilong kami sa Dugo, nangungusap kami sa pamamagitan ng Dugo, ng Salita. Itulot Mo po ito, Panginoon. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

124 Amang Diyos, pahiran Mo po ng Iyong Presensiya, Panginoon ang mga panyong ito. Nawa ang Presensiya Mo ay mapasa mga ito saan man sila mapunta. Saan man sila maipatong, kanino mang katawang maysakit, gumaling nawa sila. At kahit anupaman, kung may sirang tahanan saan mang lugar, ayusin Mo po, Panginoon, na Dakilang Iskultor. Itulot Mo poi to, Panginoon. 217 Hubugin at gawin Mo po kaming mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Naniniwala kaming ang Nobya ay tumatanggap na ng mga huling pambubuli.

Ito ay lubusang mahihiwalay sa organisasyon, at kung magkagayon ay darating na ang dakilang pag-ani. Hanggang sa araw na iyon, Panginoon, gawin Mo po silang malusog at masaya sa paglilingkod sa Iyo. Sa Ngalan ni Jesus. Amen. Mahal Siya, Ma . . . (Mahal n'yo ba Siyang talaga?) 'Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

125 Ngayon naiintindihan n'yo na ba kung bakit pinagagalitan ko kayo? Hindi dahi sa mahal ko kayo o hindi dahil sa hindi ko kayo mahal; mahal ko kayo. Nais ko ng isang Obramaestra para sa Maestro. Maaaring kailanganin kong manapiyas nang kaunti tulad nito, ngunit magkakaroon ako ng isang Obramaestra isa sa mga araw na ito kung pananatilihin ko itong akma sa Salitang ito. Tama. 219 Ngayon, ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng tao na kayo'y mga alagad Ko, kapag may pag-ibig kayo sa isa't isa." Dapat tayong magmahal nang lubusan sa isa't isa. Blest be the tie that binds Our hearts in Christian love; The fellowship of kindred mind Is like to that above. Maghawakan tayo ng kamay. When we asunder part, It gives us inward pain; But we shall still be joined in heart, And hope to meet again. Take the Name of Jesus with you, Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Take it everywhere you go. Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of heaven; Precious Name, O how sweet!

Hope of earth and joy of heaven. Now, remember in your journey: Take the Name of Jesus with you, As a shield from every care; When temptations 'round you (Ano na'ng gagawin mo?) gather, Just breathe that holy Name in prayer. O Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of Heaven; Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of Heaven. Till we meet, (Magsiyuko tayo.)... (Oh, gustung-gusto kong umawit.) Till we meet at Jesus' feet; Till we meet, till we meet, God be with you till we meet again.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7